*For PEAC Training Use Only*

**FILIPINO Baitang 10**

## **MODYUL 1:** Panitikang Mediterranean

### Panimula at mga Pokus na Tanong

Isa sa pinakamasining na pamamaraan upang makilala ang kultura ng isang bansa ay sa pamamagitan ng panitikan. Sinasabing nakapaloob sa panitikan ang kasaysayan, kultura at tradisyon ng isang bansa. Ayon sa pagpapakahulugan ng isang batikang manunulat na si Pat Villafuerte, *ang panitikan ay tulay sa pagkakaunawaan ng mga lahi sa mundo. Ito ang nagsisilbing daan upang makilala at maunawaan ang pagkakaiba-iba at pagkakapare-pareho ng mga paniniwala, gawi, kultura at tradisyon ng mundo.*

Hindi maikakaila ang ambag sa mundo ng mga bansang nagmula sa paligid ng Dagat Mediterranean. Ang panitikan sa mga bansang nakapaligid dito ay may malaking epekto sa paghubog ng kasaysayan ng mundo. Isang patunay ay ang pagkakatuklas sa sistema ng pagsulat na naging batayan ng pag-unlad ng sibilisasyon o pamumuhay ng mga tao. Ang masining na kultura at kasaysayan ng mga bansang nabibilang sa rehiyong ito ay naging sandigan ng mundo upang maunawaan ang kanlilang mga paniniwala, relihiyon, gawi at pamumuhay. Ang ilan sa mga kilalang panitikang nagmula sa rehiyong ito ay ang mga mitolohiyang Griyego, Romano at marami pang iba.

Sino sa atin ang hindi nakaaalam ng mitolohiyang Griyego? Sinasabing isa sa pinagmulan ng ating sibilisasyon ay ang Gresya, kaya't marapat lamang na alamin natin ang iba't ibang panitikan na nakilala o umusbong sa bansang ito at sa karatig-bansa sa paligid ng Mediterranean.

- ***Tunay nga kayang sa mga panitikang ito makikilala ang masining na kultura ng mga bansa sa rehiyong Mediterranean? Paano ipakikilala ng rehiyong ito sa ating bansa ang mga panitikang pangmundo?*** **Paano nakatutulong sa lipunan ang bisa ng mga akdang pampanitikang Mediterranian?**
  ***Ano ba ang pinakamabisang paraan upang maunawaan at mapahalagahan ang mga panitikan sa rehiyong ito?***

Tatalakayin natin sa modyul na ito ang mga kasagutan sa mga tanong na nailahad sa itaas. Tutuklasin natin ang ganda ng kultura at tradisyon ng mga bansa sa rehiyong Mediterranean sa pamamagitan ng kanilang panitikan.

Sa pangwakas na gawain sa modyul na ito, magsusulat ka ng isang suring-basa upang maipahayag ang iyong pananaw tungkol sa pagkakatulad, pagkakaiba, gayundin ang pagpapakahulugan sa nilalaman ng mga akdang umusbong sa Mediterranean.

## SAKLAW NG MODYUL

Sa modyul na ito, masasagot ang mga katanungan dahil sa mga sumusunod na aralin.

Aralin 1: *Si Persiyus, Si Atlas at si Polidiktis*
(Mitolohiyang Griyego)

Aralin 2: *Talinhaga Tungkol sa Salaping Ginto*
(Parabula mula Palestina)

Aralin 3: *Ang Prinsipe*
(Sanaysay mula sa Pransiya)

Aralin 4: Ang Pagbibinyag sa Savica
(Epikong Slovenian)

Aralin 5: Ang Babaeng Pulubi ng Locarno
(Maikling Kuwento sa Italya)

Aralin 6: Madam Bovary
(Nobela)


Sa mga araling ito, matututuhan mo ang mga sumusunod:

| Modyul: Panitikang Mediterranean | | | Sesyon |
|---|---|---|---|
| ***Aralin 1*** | Panitikan<br>*Mitolohiya*<br><br>Wika | **Si Persiyus, Si Atlas at si Polidiktis**<br>*Isang Adaptasyon ni Benjamin B. Sonajo Jr. (Mitolohiyang Griyego)*<br><br>**Pandiwa Bilang Aksiyon, Pangyayari at Karanasan** | 1 |
| ***Aralin 2*** | Panitikan<br>Sanaysay<br><br>Wika | **Ang Babaeng Pulubi ng Locarno**<br>*ni Heinrich Von Kleist, Maikling Kuwento mula sa Italya salin sa Filipino ni BS Medina Jr.)*<br><br>**Angkop na Panghalip bilang Panuring sa mga Tauhan** | 2 |
| ***Aralin 2*** | Panitikan<br>*Parabula*<br><br>Wika | **Talinhaga Tungkol sa mga Salaping Ginto**<br>*Parabula mula sa Bibliya*<br><br>**Mga Piling Pang-ugnay sa Pagsasalaysay**<br>*(Pagsisimula, Pagpapadaloy ng mga Pangyayari at Pagwawakas)* | 3 |

For PRAC Training Use Only

| | | | |
|---|---|---|---|
| ***Aralin 3*** | Panitikan<br>*Sanaysay*<br><br>Wika | <br><br><br>**Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw.** | 4 |
| ***Aralin 4*** | Panitikan<br>*Epiko*<br><br>Wika | **Ang Pagbibinyag sa Savica** *ni France Preseren*<br>*(Krst Pri Savici, Epikong Slovenia)*<br><br>Angkop na Hudyat sa Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari | 5 |

***CONCEPT MAP*** **NG MODYUL**
Narito ang isang gabay sa pagtalakay ng ating mga aralin




Use Only

**INAASAHANG KASANAYAN:**

Upang maisakatuparan ang pagkatuto sa modyul na ito, kailangan mong alalahanin at gawin ang mga sumusunod:

**Mitolohiya**

1. F10PN-Ia-b-62 Naipahahayag ang mahalagang kaisipan sa napakinggan (P)
2. F10PB-Ia-b-62 Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa akda sa nangyayari sa: sarili pamilya pamayanan lipunan daigdig (P)
3. F10PT-Ia-b-61 Naiuugnay ang kahulugan ng salita batay sa kayarian nito (K)
4. F10PD-Ia-b-61 Natutukoy ang mensahe at layunin ng napanood na cartoon ng isang mitolohiya (K)
5. F10PS-Ia-b-64 Naipahahayag nang malinaw ang sariling opinyon sa paksang tinalakay (P)
6. F10PU-Ia-b-64 Naisusulat ang sariling mitolohiya batay sa paksa ng akdang binasa (P)
7. F10WG-Ia-b-57 Nagagamit ang angkop na pandiwa bilang aksiyon, pangyayari at karanasan (K)
8. F10EP-Ia-b-27 Naisasagawa ang sistematikong pananaliksik sa iba't ibang pagkukunan ng impormasyon (internet, silid- aklatan, at iba pa) (P)

**Parabula**

1. F10PN-Ib-c-63 Nasusuri ang tiyak na bahagi ng napakinggang parabula na naglalahad ng katotohanan, kabutihan at kagandahang-asal (P)
2. F10PB-Ib-c-63 Nasusuri ang nilalaman, elemento at kakanyahan ng binasang akda gamit ang mga ibinigay na tanong (P)
3. F10PT-Ib-c-62 Nabibigyang- puna ang estilo ng may- akda batay sa mga salita at ekspresyong ginamit sa akda (P)
4. F10PD-Ib-c-62 Nahihinuha ang nilalaman, elemento at kakanyahan ng pinanood na akda gamit ang mga estratehiyang binuo ng guro at mag-aaral (P)
5. F10PS-Ib-c-65 Naipakikita ang kakayahan sa pagsasalita sa paggamit ng mga berbal at di-berbal na estratehiya (P)
6. F10PU-Ib-c-65 Naisusulat nang may maayos na paliwanag ang kaugnay na collage na may kaugnayan sa paksa (P)
7. F10WG-Ib-c-58 Nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay (pagsisimula, pagpapadaloy ng mga pangyayari, pagwawakas) (K)

**Sanaysay**

1. F10PN-Ic-d-64 Naipaliliwanag ang pangunahing paksa at pantulong na mga ideya sa napakinggang impormasyon sa radyo o iba pang anyo ng media (P)
2. F10PB-Ic-d-64 Nabibigyang- reaksiyon ang mga kaisipan o ideya sa tinalakay na akda (P)
3. F10Pt-Ic-d-63 Natutukoy ang mga salitang magkakapareho o magkakaugnay ang kahulugan (K)

For PLAC Training Use Only

4. F10PD-Ic-d-63 Natatalakay ang mga bahagi ng pinanood na nagpapakita ng mga isyung pandaigdig (K)
5. F10PS-Ic-d-66 Naibabahagi ang sariling reaksiyon sa ilang mahahalagang ideyang nakapaloob sa binasang akda sa pamamagitan ng brain storming (P)
6. F10PU-Ic-d-66 Naitatala ang mga impormasyon tungkol sa isa sa napapanahong isyung pandaigdig (K)
7. F10WG-Ic-d-59 Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw (K)
8. F10EP-Ia-b-28 Nasasaliksik ang mahahalagang impormasyon gamit ang silid-aklatan, internet, at iba pang batis ng mga impormasyon (P)

**Epiko/Tula**

1. F10PN-Ie-f-65 Nahihinuha kung bakit itinuturing na bayani sa kanilang lugar at kapanahunan ang piling tauhan sa epiko batay sa napakinggang usapan/ diyalogo (P)
2. F10PB-Ie-f-65 Naibibigay ang sariling interpretasyon kung bakit ang mga suliranin ay ipinararanas ng may-akda sa pangunahing tauhan ng epiko (P)
3. F10PT-Ie-f-64 Nabibigyang-puna ang bisa ng paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng matinding damdamin (P)
4. F10PD-Ie-f-64 Natutukoy ang mga bahaging napanood na tiyakang nagpapakita ng ugnayan ng mga tauhan sa puwersa ng kalikasan (K)
5. F10PS-Ie-f-67 Nababasa nang paawit ang ilang piling saknong ng binasang akda (K)
6. F10PU-Ie-f-67 Naisusulat ang paglalahad na nagpapahayag ng pananaw tungkol sa pagkakaiba-iba, pagkakatulad at ng mga epikong pandaigdig (P)
7. F10WG-Ie-f-60 Nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari (K)
8. F10PB-Ie-f-66 Napapangatuwiranan ang mga dahilan kung bakit mahalagang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa ang epiko (P)
9. F10PT-Ie-f-65 Naipaliliwanag ang mga alegoryang ginamit sa binasang akda (P)

**Maikling Kuwento**

1. F10PN-If-g-66 Naipagpaliliwanag ng ilang pangyayaring napakinggan na may kaugnayan sa kasalukuyang mga pangyayari sa daigdig (P)
2. F10PB-If-g-67 Napapatunayang ang mga pangyayari sa akda ay maaaring maganap sa tunay na buhay (P)
3. F10PT-If-g-66 Nabibigyang- kahulugan ang mahihirap na salita o ekspresyong ginamit sa akda batay sa konteksto ng pangungusap (P)
4. F10PD-If-g-65 Napahahalagahan ang napanood na pagtatanghal ng isang akda sa pamamagitan ng paghanap ng simbolong nakapaloob dito (P)
5. F10PS-If-g-68 Nakikibahagi sa round table discussion kaugnay ng mga isyung pandaigdig (P)
6. F10PU-If-g-68 Naisusulat ang paliwanag tungkol sa isyung pandaigdig na iniuugnay sa buhay ng mga Pilipino (P)

For PEAC Training Use Only

7. F10WG-If-g-61 Nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan (K)
8. F10EP-If-g-29 Nakagagamit ng internet para sa pananaliksik (P)

**Nobela**

1. F10PN-Ig-h-67 Naibibigay ang katangian ng isang tauhan batay sa napakinggang diyalogo (P)
2. F10PB-Ig-h-68 Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela bilang isang akdang pampanitikan sa pananaw humanismo o alinmang angkop na pananaw (P)
3. F10PT-Ig-h-67 Nakikilala ang pagkakaugnay- ugnay ng mga salita ayon sa antas o tindi ng kahulugang ipinahahayag nito (clining) (K)
4. F10PD-Ig-h-66 Naihahambing ang ilang pangyayari sa napanood na dula sa mga pangyayari sa binasang kabanata ng nobela (P)
5. F10PS-Ig-h-69 Nailalarawan ang kultura ng mga tuhan na masasalamin sa kabanata (P)
6. F10PU-Ig-h-69 Naisasadula ang isang pangyayari sa tunay na buhay na may pagkakatulad sa mga piling pangyayari sa kabanata ng nobela (K)
7. F10WG-Ig-h-62 Nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari (K)

## PANIMULANG PAGTATAYA

Halina't alamin natin ang iyong mga kaalaman sa mga tatalakaying aralin sa modyul na ito. Iklik lamang ang letra ng inaakala mong tamang sagot. Sagutan ang lahat ng aytem. Pagkatapos kumuha ng pagsusulit, makikita mo ang iyong iskor. Alalahanin ang mga aytem na nagkamali ka at tuklasin ang tamang sagot habang pinag-aaralan ang modyul na ito.

1. Ito ay mga kuwentong tungkol sa mga diyos at diyosa.
   A. epiko
   B. mitolohiya
   C. kuwentong-Bayan
   D. alamat

2. Maliban sa katangiang nabanggit sa bilang 1, alin sa mga sumusunod ang hindi natatanging katangian ng mitolohiya?
   A. Kumakatawan sa marubdob na pangarap at takot ng mga sinaunang tao
   B. Naglalahad sa misteryo ng pagkakalikha ng mundo
   C. Dumadakila sa kabayanihan ng tauhang nakipagsapalaran sa digma
   D. Kumikilala sa daigdig ng langit at ilalim ng lupa

3. Tulang pasalaysay na nagsasaad ng kabayanihan ng pangunahing tauhan na nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao na kadalasan ay buhat sa lipi ng mga diyos o diyosa.
   A. tula
   B. elehiya
   C. maikling Kuwento
   D. epiko

For PEAC Training Use Only

4. Elemento ito ng epikong nagbibigay-diin sa panahon, kalagayan at kultura.
   A. banghay
   B. tagpuan
   C. estilo
   D. diyalogo

5. Anong bansa sa Meditteranian na bahagi ng Europian Union dahil sa kanilang komersyo, nakilala sa kanilang sinaunang kaugalian, tradisyon at kultura at panitikang panrelihiyon?
   A. Amerika
   B. Indonesia
   C. Italya
   D. Britanya

6. Naihanda ang mga batang lalaki na maging matapang na kabalyero.
   A. estranghero
   B. mambabatas
   C. politiko
   D. mandirigma

7. Naging masama si Marquez sa pakikitungo niya sa babaing pulubi. Anong uri ng panghalip ang ginamit sa pangungusap?
   A. anapora
   B. katapora
   C. panaklaw
   D. pamatlig

8. "Mahal na Reyna, akala ko'y nasisiyahan _______ sa pagkakabili ng ating palasyo". Ano ang wastong panghalip sa patlang?
   A. sila
   B. tayo
   C. ka
   D. ako

9. Alin sa mga sumusunod ang hindi katangian ng epiko?
   A. Nagsisimula sa pamamagitan ng ritwal
   B. Sinasalamin nito ang paniniwala at kaugalian ng isang lipunan
   C. Nagpapakita ng pinagmulan at pag-unlad ng kultura ng isang lugar
   D. Nagpapakilala ng daigdig ng langit at ilalim ng lupa*

10. Matapos makipaglaban sa mga hukbo ay gumuho sa pamamaalam ang maraming mandirigma. Puno ng dugong kahila-hilakbot ang naganap na pagsagupa hanggang malayang nailagay ang tiwala sa pananalig at katarungan. Sa wakas ay natupad ang inaasam na pagkakapantay-pantay.

    Ang katangian ng binasang talata ay higit na tinutugunan ng anong element ng salaysay?
    A. tagpuan
    B. tauhan
    C. banghay
    D. diyalogo

For PEAC Training Use Only

11. Naging matapang na nakipagsapalaran si Persiyus upang mailigtas lamang ang mahal sa buhay. Hindi siya pinanghinaan ng loob bagkus sinuong niya ang lahat ng panganib. Handa siyang magpakahirap at magpakasakit.

Alin sa mga sumusunod na pahayag ang pinakaangkop na panapos ng talata?

A. Kapag hindi siya sumunod sa pangako kay Athena ay hindi niya makakamit ang inaasam.
B. Saka nainip siya sa kanyang paglalakbay.
C. Kaya naman naging matagumpay siya sa kanyang mithiin.
D. Huwag lang siyang maging bato matapos makita si Medusa.

12. Puro pagkain ang nasa utak ko. Sa tuwing makakakita ng restoran ay nagnanais nang kumain kahit maaga pa lamang. Hindi pa man nakakauwi ay naiisip na ang masarap na luto ni nanay. Kahit nakikinig sa lektyur ng guro ay nag-aalburuto na ang tiyan.

Aling pangungusap ang punong kaisipan sa talata?

A. Unang pangungusap
B. Ikalawang pangungusap
C. Ikatlong pangungusap
D. Ikaapat na pangungusap

13. Napoot si Medusa kay matapos hindi paunlakan ng diyosa ang inihahayag ng salitang may salungguhit?

A. naasar
B. nainis
C. nasuklam
D. nagalit

14. "Kaya mo ako ayaw payagan ay sapagkat maganda ako sa iyo! Kung ako nga nama'y makikita ng mga tao ay wala nang papansin sa iyo! ang bulalas ni Medusa.

Ano'ng katangian ang pinakamalapit na inilalantad ng diyalogo?

A. mapangutya
B. mapanghamon
C. mapitagan
D. makamundo

15. Lalong sumidhi ang pagseselos ni Athena kay Medusa. Anong uri ng pandiwa ang ginamit sa salitang may salungguhit?

A. aksiyon
B. karanasan
C. pangyayari
D. wala sa nabanggit

16. Sa Alibughang Anak na mababasa sa Bibliya (Lukas 15:11-32) ay ipinakita ng anak ay naglalahad ng karaniwang taong makasarili at ang tanging hinangad ay pansariling kagalakan. Ano naman ang inilalarawang katangian ng ama sa alegoryang ito?

A. malalim na pag-unawa sa katotohanang walang mangyayaring maganda kung patuloy na mapoot
B. mabuting pagtanggap sa mga taong marunong humingi ng kapatawaran sa kabila ng kasalanan

For FEAC Training Use Only

C. karapat-dapat magdusa ang mga taong walang hinangad kundi ang pansariling kaligayahan
D. hindi kailanman nagtatanim ng galit ang magulang sa mga anak kahit anuman ang kanilang ginawang kasalanan

17. Ang pamahalaan ay nailuklok upang mapangalagaan ang kapakanan ng mamamayang nasasakupan. Alin sa mga sumusunod ang kahulugan ng pamahalaan batay sa estruktura nito?
A. Dapat mahalin ng pamahalaan ang mamamayang nagdurusa
B. Dapat bahala ang pamahalaan sa mamamayang nagluklok sa kanila
C. Dapat ilaan ng pamahalaan ang kanyang panahon sa paglilingkod
D. Dapat ihalal muli ang pamahalaan matapos pagsilbihan ang mamamayan

18. Wala pang matapang na pinunong may hukbong pumapantay, nangalupig silang lahat, gumuguho sa pamamaalam

Ano ang ipinapahiwatig na kahulugan ng mga pandiwang ginamit sa tula bilang paglalarawan sa tauhan?
A. ang labis na pagkatalo dahil sa kahinaan
B. ang tapang at lakas na mamuno sa digmaan
C. ang kapangyarihang lupigin ang kalaban
D. ang pag-asang mananalo sa anumang laban

19. Alin sa mga sumusunod na akda ang pinakamalapit na kaugnayan ng salawikaing, "kung ano ang itinanim, ito rin ang aanihin"?
A. Si Persiyus, Si Atlas at si Polidiktis
B. Ang Babaeng Pulubi ng Locarno
C. Talinghaga Tungkol sa mga Salaping Ginto
D. Ang Pagbibinyag sa Savica

20. Tulad sa lipunan, ang ikinagagalit ng mga tagapaglingkod tungo sa pinagsisilbihan ay pinapasikatan ang mga nahuhuli at sila'y nawawalan o nasisiraan ng loob. Ito'y tulad ng masasabing, kung akoy komportable, bakit ang mga taong nagsisilbi sa akin ay hindi bagay hangaan at pasalamatan?

Ano'ng sakit ng lipunan ang inilalantad ng pahayag?
A. panlalangis sa kapwa
B. panlalamang sa kapwa
C. pananamantala sa mahihina
D. pagpapahirap sa pinamumunuan

For PEAC Training Use Only

**Aralin 1: Mitolohiya**

**Panitikan:** SI PERSIYUS, SI ATLAS AT SI POLIDIKTIS
*mula sa Mitolohiyang Griyego na muling isinulat ni G. Benjamin B. Sonajo Jr*

**Wika:** Angkop na Gamit ng Pandiwa Bilang Aksiyon, Karanasan at Pangyayari

**PAGTUKLAS:**

Madalas tayong mamangha sa hiwaga at taglay na kagandahan ng mga pangyayari sa mga mitolohiya ng Gresya at Roma. Sinasabing isa sa mga pinagmulan ng sibilisasyon ng mundo ay ang Gresya. Sumasalamin lamang ito na mataas at matatag ang pundasyon ng kultura ng Gresya kung saan pinakikinabangan at pinagyayaman ang mga kaisipan, kabihasnan, sining at panitikang hinalaw mula sa mga lugar na naimpluwensiyan nito. Sa kasalukuyan, ang mga mitolohiyang Griyego ang pinagbatayan ng mga kaisipan sa iba't ibang larangan tulad ng medisina, pilosopiya, sining at panitikan sa buong daigdig.

Ang aralin ay tungkol sa klasikong mitolohiya mula sa Gresya. Itinatampok ang kultura, pananampalataya at pamumuhay ng mga sinaunang nilalang sa mundo. Makikilala mo ang iba't ibang diyos at diyosa na pinaghugutan ng inspirasyon ng iba't ibang manunulat sa buong daigdig. Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagsasalaysay ng mito at maibahagi ito sa klase batay sa mga sumusunod na pamantayan: wastong bigkas, tinig at panghikayat sa madla.

Aalamin mo rin kung paano mabisang magagamit ang pandiwa sa pagpapahayag at pagsasalaysay ng mga aksiyon, karanasan at pangyayari buhat sa binasang mito o iba pang kauri nito. Pag-uusapan natin kung paano nakatutulong ang mitolohiyang Greyigo sa pagpapaunlad ng panitikang Pilipino.

**TUKLASIN**

Ang gawaing ito ay upang maunawaan ang tatalakaying aralin. Tuklasin at kilalanin ang mga tauhan ng mitolohiyang Pilipino upang maihambing sa mga tauhan ng mitolohiyang Griyego. Ang layunin ng mga gawaing ito ay upang mabigyang patunay na ang Panitikang Pilipino ay may kaugnayan at hindi nalalayo sa mga panitiikan sa mundo.

Sa kasunod na mga gawain, tutuklasin kung may alam ka na tungkol sa pandiwa at mitolohiya. Alamin kung nauunawaan mo kung paano nakatutulong ang mitolohiya sa pagpapaunlad ng mitolohiyang Pilipino at paano nakatutulong ang pandiwa sa pagppapahayag ng mga karanasan at pangyayari.

For PEAC Training Use Only

**Gawain 1: SINO AKO SA MITOLOHIYANG PILIPINO?**

Direksyon: Kilalanin ang mga tauhan ng mitolohiyang Pilipino at ilarawan ang kanilang pagkakakilanlan. Ibigay din ang kanilang kahalagahan sa panitikang Pilipino.



Sino Ako?

Ilarawan mo ako batay sa iyong pagkakakilala?




Sino Ako?

Ilarawan mo ako batay sa iyong pagkakakilala?



Sino Ako?

Ilarawan mo ako batay sa iyong pagkakakilala?



Sino Ako?

Ilarawan mo ako batay sa iyong pagkakakilala?

Paano inilarawan ng mga tauhan sa mitolohiyang Pilipino ang kultura ng bansa?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

**Gawain 2: K-W-L**

Direksyon: Isulat ang hinihiling ng mga kolum. Gumamit ng mga salitang naaayon sa wastong pagkakagamit ng aspekto ng pandiwa.

| ALAM | NAIS MALAMAN | NATUTUHAN |
|---|---|---|
| Mitolohiya | Mitolohiya | Mitolohiya |
| Pandiwa | Pandiwa | Pandiwa |

**Alam:** Ano ang iyong nalalaman tungkol sa mitolohiya at angkop na gamit ng pandiwa bilang aksiyon, karanasan, at pangyayari?

**Nais Malaman:** Ano ang gusto mong malaman tungkol sa mitolohiya at angkop na gamit ng pandiwwa bilang aksiyon, karanasan at pangyayari?
**Natutuhan:** Batay sa talakayan, ano ang natutuhan mo tungkol sa mitolohiya at angkop na gamit ng pandiwa bilang aksiyon, karanasan at pangyayari?

For PEAC Training Use

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS**

Sa puntong ito, tinuklas natin ang iyong mga nais na malaman tungkol sa angkop na gamit ng pandiwa at mga kaisipang natutungkol sa mitolohiya.

*Ang matututuhan mo sa susunod na bahagi ng modyul ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng isang mabisang pagsusuri ng isang akdang pampanitikan.*

**PAGLINANG**

Babasahin at uunawain ang Kaligirang Pangkasaysayan ng Mitolohiyang mula sa Gresya upang iyong matuklasan kung paano nakatutulong ang mitolohiya mula sa Gresya sa pagpapaunlad ng panitikang Pilipino.

Basahin Mo:

***MITOLOHIYA***


Ang mitolohiya ay nangangahulugang agham o pag-aaral ng mga mito/myth at alamat. Ito ay mga kuwentong naglalahad ng kasaysayan ng mga diyos-diyosan noong unang panahon na sinasamba, dinarakila at pinipintakasi ng mga sinaunang tao.

Ang salitang ***mito/myth*** ay galing sa salitang Latin na ***mythos*** at mula sa Greek na muthos, na ang kahulugan ay kuwento. Ang muthos ay halaw pa sa ***mu*** na ang ibig sabihin ay paglikha ng tunog sa bibig. Sa makalumang mitolohiya, ang *myth/mito* ay kumakatawan sa marubdob na pangarap at takot ng mga sinaunang tao. Nakatutulong ito upang maunawaan ng mga sinaunang tao ang misteryo ng pagkakalikha ng mundo, ng tao ng mga katangian ng iba pang mga nilalang. Inilalahad din ng mitoolohiya ang misteryo sa likod ng mga nakakatakot na puwersa ng kalikasan tulad ng kidlat, kulog, baha, apoy at kamatayan. Hindi man ito kapani-paniwala, itinuturing itong sagrado ng iilan dahil sa ang mga tauhan nito ay mga diyos at diyosa. Kumikilala din ito sa daigdig ng langit at ilalim ng lupa.

Sa Pilipinas, ang mitolohiya ay makikita sa mga kuwentong-bayan. Ang mga kuwentong ito ay may mga tauhang tulad ng anito, diyos, diyosa at iba pang mga nilalang tulad ng duwende, tikbalang, aswang at iba pa.

Upang lubos na makilala ang mitolohiyang Griyego, mabuting makilala mo ang ilang pangunahing tauhan ng mitolohiya. Maaari mong hanapin sa internet o basahin ang aklat na *Ang mga Diyos at Diyosa ng Olympus* o kaya naman ay panoorin ang **The 12 Great Olympian Gods** sa http://www.youtube.com . **Sagutan ang crossword puzzle sa ibaba.**

**Tauhan ng Mitolohiyang Griyego**




PABABA

1. panginoon ng ilalim ng lupa
2. hari ng mga diyos, kalawakan at panahon
3. diyosa ng pangangaso at buwan
5. mensahero ng mga diyos
6. kapatid ni Zeus, hari ng karagatan
7. diyosa ng apoy na pugon
9. diyosa ng karunungan, digmaan
10. diyos ng propesiya, liwanag, araw

PAHALANG

4. diyosa ng kagandahan at pag-ibig
8. reyna ng mga diyos, asawa ni Zeus
11. diyos ng apoy
12. diyos ng digmaan at may simbolo ng buwitre

**Basahin at Unawain**

<u>*Mitolohiyang Griyego*</u>

**Si Persiyus, Si Atlas at si Polidiktis**

Si Medusa at ang kanyang dalawang kapatid na babae ay tinatawag na Gorgon. Sila'y mga pangit na babae at nakatatakot tingnan. Si Medusa ay hindi dating pangit.

Noong kabataan niya ay magandang-maganda siya. Doon siya nakatira sa dakong hilaga ng daigdig na hindi nasisikatan ng araw. Ipinakiusap niya kay Atena na siya'y bayaang tumira sa dakong timog na laging sinisikatan ng araw. Hindi siya pinaunlakan ng diyosa. Nagalit si Medusa.



***Kaya mo ako ayaw payagan ay sapagkat maganda ako kaysa sa iyo! Kung ako nga nama'y makikita ng mga tao ay wala nang papansin sa iyo!*** ang bulalas ni Medusa.

Dahil sa sinabi niyang yao'y pinarusahan siya ni Atena. Naging mga aha sang kanyang maganda at kulot na buhok, mga buhay na ahas na namumulupot sa kanyang ulo. At hindi lamang iyon, ang sinumang makatunghay sa kanyang mukha ay nagiging bato.

Samantalang patungong dalampasigan si Persiyus ay nanlumo siya sa kanyang ipinangako. Paano niya makukuha ang ulo ni Medusa? Hindi niya nababatid kung saan nakatira si Medusa.

Naupo siya sa batuhan at nanalangin kay Atena. Hindi pa siya nakatatapos magdasal ay nakita na niyang nakatayo sa kanyang harapan si Atena na kasama si Hermes.

***Tutulungan ka ng mga diyos, Persiyus,*** ang sabi ni Atena. ***Kailangang sundin mo ang inuutos nila sa iyo. Hindi magaan ang maglingkod sa mga diyos. Nakahanda ka bang magpakahirap at magpakasakit sa iyong paglilingkod?***

***Opo, nakalaan po akong magpakahirap at magpakasakit,*** ang tugon ni Persiyus.

Sa gayo'y ipinadala ni Pluto kay Persiyus ang kanyang sambalilong may engkanto. Sinuman ang magsuot niyon ay hindi makikita. Ibinigay sa kanya ni Hermes ang mga sandalyas na may pakpak. Ang may suot ng mga sandalyas na yao'y maaaring lumipad sa ibabaw ng lupa at ng dagat. Ibinigay sa kanya ni Atena ang panalag na Singkintab ng araw.

For PEAC Training Use Only

Handang-handa na si Persiyus sa kanyang layunin. Ngunit hindi maituro sa kanya ni Atena ang tahanan ng tatlong magkakapatid na Gorgon . Ang tanging nakababatid sa tahanan nila ay ang tatlong magkakapatid na babaing ubanin. Sila'y may iisang mata at iisang ngipin na pinaghahalinhinan. Doon magsasadya si Persiyus upang ipagtanong ang tahanan ni Medusa.

Lumipad si Persiyus sa ibabaw ng mga dagat at bundok hanggang sa marating niya ang lupain ng tatlong magkakapatid na babaing ubanin. Nakikita niya ang tatlo ngunit siya'y hindi nakikita ng mga ito sapagkat suot niya ang sambalilo ni Pluto. Noo'y iniaabot ng isa sa kanyang kapatid ang kanilang mata. Inagaw ni Persiyus ang mata. Nang matagalan, ang akala ng tatlo ay hawak ng isa sa kanila ang mata. Sila'y nagkagalit.

***Huwag kayong magkagalit***, ang lahad ni Persiyus. ***Hawak ko ang inyong mata. Ito'y isasauli ko sa inyo kung ituturo ninyo sa akin ang tahanan ni Medusa.***



Nagulat sa tinig ang tatlong magkakapatid na ubanin sa inilahad ni Persiyus. Ayaw nilang sabihin kung saan nakatira si Medusa ngunit ibig nilang makuhang muli ang kanilang mata. Naiinip na si Persiyus. ***Ihahagis ko ang inyong mata sa dagat***, ang sabi ng binata. Natakot ang tatlo. Itinuro nila ang tahanan ni Medusa. Isinauli niya ang kanilang mga mata at siya'y muling lumipad. Lumipad siya nang lumipad hanggang sa marating ang pook na itinuro ng tatlong ubanin. Narinig niya ang pagaspas ng mga pakpak ni Medusa kaya natiyak niyang malapit nang matapos ang kanyang paghahanap.

Itinaas niya ang panalag ni Atena. Sa panalag ay nakita niyang natutulog si Medusa at ang dalawang niyang kapatid na babae. Hinugot niya ang kanyang espada at pinugot ang ulo ni Medusa. Ang mga buhok na ahas ni Medusa ay nagising. Lumikha sila ng ingay na siyang ikinagising ng dalawang kapatid ni Medusa. Hindi nila makita si Persiyus sapagkat suot nito ang sambalilo ni Pluto ngunit naririnig nila ang pagaspas ng sandalyas ng binata. Galit na galit sila. Sinundan nila si Persiyus. Akala ni Persiyus ay inabutan na siya ng dalawang humahabol. Tinawagan niya si Atena. Sa gayo'y lalong bumilis ang lipad ng mga sandalyas na may pakpak kaya naiwan sa malayo ang magkapatid na humahabol.

Inilipad si Persiyus ng kanyang mga sandalyas na may pakpak. Nainip siya sa kanyang paglalakbay. Ibig niyang marating agad ang palasyo ni Polidiktis upang maihandog sa hari ang ulo ni Medusa. Ibig din niyang matiyak kung ligtas sa kapangyarihan ng hari ang kanyang ina ngunit may ibig pang ipagawa sa kanya ang mga diyos. Binigyan siya ng mga sagabal, pinahihip nang malakas ang hangin at ibinuhos ang malakas na ulan. Anuman ang gawin niya'y lagi siyang napapabalik sa kanyang napagdaraanan. Napagod na siya. Akala niya'y hindi na siya makababalik sa kaharian ni Polidiktis.

For PEAC Training Use Only

Naisip niya ang sinabi ni Hermes na kailanman ay hindi siya maliligaw kung suot niya ang mga sandalyas na may pakpak. Muling lumakas ang kanyang loob. Itinaboy siya ng hangin sa matataas na bundok. Sa mga bundok na yao'y nakita niya si Atlas, isang malaking higante na pinarusahan ng mga diyos.

Minsan ay binalak ni Atlas na agawin ang trono ni Zeus . Dahil dito ay pinarusahan siya. Ipinapasan sa kanya ang daigdig. Hirap na hirap na si Atlas. Mabigat ang kanyang pasan at ibig na niyang ibaba ito. Maputla na ang kanyang mukha at masakit na ang kanyang mga balikat. Nang makita niya si Persiyus ay naisip niyang matatapos na rin ang kanyang hirap.

***Madali ka Persiyus*** ang sabi ni Atlas***. Ipakita mo sa akin ang mukha ni Medusa upang hindi ko na maramdaman ang bigat ng daigdig na aking pinapasan.***

Naaawa si Persiyus. Dali-dali niyang hinugot sa supot aang ulo ni Medusa at ipinakita kay Atlas. Biglang naging bato si Atlas. Siya ay naging malaking bundok na batong kung tawagin ay bundok Atlas.

Dinala si Persiyus ng kanyang mga sandalyas sa isang malungkot na lupain. Sa lupang ito naninirahan si Reyna Kasopiya, kasama ang anak niyang si Andromeda. Maganda si Kasopiya ngunit ipinagmamalaki niya ang kanyang kagandahan. Sa halip na pasalamatan ang mga diyos ay nagyabang siya at sinabing higit na maganda siya kaysa sa mga nimpa sa dagat. Nagalit ang mga nimpa kaya ipinadala nila sa kaharian ng reyna ang isang malaking dragon na kumain sa maraming tao at sumira sa mga tahanan. Sumangguni ang mga tao sa orakulo sa templo.

***Ang dragon ay ipinadala ng mga nimpa sa kaharian ni Ksopiya upang siya'y parusahan***, ang sagot ng orakulo sa templo. ***Sabihin ninyo sa kanyang ibigay sa dragon si Andromeda upang masiyahan ang mga nimpa at pabalikin ang dragon sa dagat.***

Si Andromeda ay maganda at mabait. Ikinalungkot ng mga tao ang sinabi ng orakulo ngunit kung hindi nila susundin ito ay mawawasak ang kanilang mga tahanan at mamamatay ang kanilang mga anak. Nagkulong sa kanyang palasyo si Kasopiya. Dinala ng mga tao si Andromeda sa tabing-dagat at itinanikala sa isang malakaing bato upang kanin ng dragon.

Nakita ni Persiyus ang dalaga. Nakita niya ang dragon na papalapit sa kahabag-habag. Mabilis na hinugot ni Persiyus ang kanyang espada. Kasabay ng paghugot na yaon ay ipinakita niya sa dragon ang ulo ni Medusa. Hindi na nakuhang silain ng hayop si Andromeda. Ang dragon ay naging bato sa tabing-dagat.

Nang makita ni Persiyus na bato na ang dragon ay inalis niya sa kanyang ulo ang sambalilo ni Pluto. Lumapit siya kay Andromeda at nilagot ang kadenang nakagapos dito. Sinabi niya sa prinsesang huwag nang matakot, at inihatid niya ito sa palasyo.

For PEAC Training Use Only

Sa simula ay hindi makapaniwala si Kasopiya sa kanyang nakita. Akala niya'y patay na si Andromeda. Hanggat hindi niya nayayapos at nahahagkan ito ay tila ayaw niyang maniwalang buhay nga ang kanyang minamahal na anak. Hinangaan ni Persiyus ang kagandahan at kabaitan ni Andromeda. Pagkaraan ng ilang linggo ay ikinasal sila. Isang taon silang namalagi sa palasyo ni Kasopiya. Pagkatapos ng isang taon ay naglayag sila patungo sa Seripus na kaharian ni Polidiktis.

Hustong pitong taon na ang nakalilipas sapul nang umalis si Persiyus. Gayon na lamang ang tuwa ni Deynai. Ipinakilala ni Persiyus ang kanyang kaisang-dibdib sa ina. Pagkatapos ng pagkakamustahan at pagbabalitaan ay iniwan ni Persiyus ang dalawa at siya'y nagtungo sa palasyo ni Polidiktis.

Kasalukuyang may piging sa palasyo. Ang hari ay napaliligiran ng kanyang mga panauhing mga mahal na tao. Limot na niya si Persiyus kaya siya'y namutla at natakot nang makita niya ang binata.

Lumapit sa trono si Persiyus. Inilabas niya ang ulo ni Medusa at ipinakita sa hari. Tingnan ninyo ang handog na ipinangako ko sa inyo may pitong taon na ngayon ang nakararaan! ang sabi ni Persiyus.

Tiningan ni Polidiktis at ng kanyang mga panauhin ang ulo ni Medusa. Sila'y naging bato. Sa gayoy nilisan ng binata ang palasyo. Ibinalita niya sa mga tao na patay na si Polidiktis. Iminungkahi niyang si Diktis, ang kapatid nito ang gawing susunod na hari ng palasyo.

Nagtungo si Persiyus sa templo ni Atena. Isinauli niya ang mga kagamitang ipinahiram sa kanya. Inihandog niya kay Atena ang ulo ni Medusa. Natuwa si Atena at ang ulo ni Medusa ay inilagay niya sa kanyang panalag. Ang panalag ay lalong naging makapangyarihan. Bawat tumititig sa panalag ay nagiging bato.

Niyaya ni Persiyus sina Deynai at Andromeda sa Argos na kaharian ng kanyang nuno. Ang matandang hari ay nasa bilangguan noon sapagkat ang kanyang trono ay inagaw ng isang mangangamkam. Pinalayas ni Persiyus ang mangangamkam. Muli niyang iniupo sa trono ang kanyang nuno. Ang lahat ay naging maligaya. Taon-taon ay may mga palarong idinaraos sa Argos. Minsan ay kasama ni Persiyus ang kanyang nuno sa panonood ng mga palaro. Sumali si Persiyus sa isang palaro. Isang malaking singsing na bakal ang inihagis ng binata. Ang singsing ay tumama sa paa ng hari. Matanda na ang hari. Hindi niya natagalan ang sakit na idinulot ng singsing na bakal. Siya'y nagkasakit at namatay.


Nagkatotoo ang hula ng orakulo sa Delpi. Nalungkot si Persiyus. Para sa kanya ay malungkot na ang kaharian ng Argos. Kaya umalis siya roon at nagtatag ng bagong lungsod. Doon siya naghari kapiling si Andromeda at Deynai.

Nang mamatay silang tatlo ay kinuha sila ng mga diyos at inilagay sa langit. Hanggang ngayon ay makikita sila roon.

For PEAC Training Use Only

**Gawain 3: PAGSUSURI SA TAUHAN**

Direksyon: Suriin ang katangian nina Persiyus, Medusa at Polidiktis. Tukuyin ang kalakasan at kahinaan ng bawat isa.



Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano ang pagkakamaling ginawa ni Persiyus na nagdulot ng mabigat na suliranin sa kaniyang buhay?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Bakit gayon na lamang ang pagpupursige ni Persiyus na magtagumpay?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Kung ikaw si Persiyus, gagawin mo rin ba ang lahat ng kanyang pinagdaanan? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. **Paano nakatutulong ang mitolohiya bilang isang uri ng akdang Mediterranian sa daigdig? Ano ang bisa nito sa iyo bilang mambabasa?**

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

For PEAC Training Use Only

**Gawain 4: TULARAN MO!**


Direksyon: Tukuyin ang katangian ng mitolohiya na nais mong tularan/ ayaw mong tularan. Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

| Tauhan | Nais Tularan | Hindi Nais Tularan |
|---|---|---|
| | | |
| Ipaliwanag: | | |
| | | |
| Ipaliwanag: | | |
| | | |
| Ipaliwanag: | | |

For PEAC Training Use Only

**Gawain 5: PAG-UUGNAY!**

Direksyon: Batay sa mensaheng iyong nakuha mula sa akda, iugnay ito sa iyong karanasan, pamilya, lipunan at bansa. Gamitin ang grapikong representasyon sa pagpapahayag ng iyong kaisipan.



**Gawain 6: IBUOD MO!**

Direksyon: Ibuod mo ang akda gamit ang grapikong pantulong na makikita sa ibaba.

**SI PERSIYUS, SI ATLAS at SI POLIDIKTIS**

Panimula

Suliranin

Solusyon

Wakas

**TANDAAN MO!**

Iba't iba ang gamit ng pandiwa. Ginagamit ito sa pagpapahayag ng aksiyon, karanasan at pangyayari.

Gamit ng Pandiwa:

1. Aksiyon
   - Masasabing may aksiyon ang pandiwa kung ito may aktor o tagaganap.
   - Mabubuo ang mga pandiwang nasa aktor o tagaganap kung ito ay may panlaping: -um, mag-, ma-, mang-, maki-, mag-an.
   - Maaaring tao o bagay ang actor.

   Halimbawa: *Ang mga nakasalungguhit ay mga pandiwa samantalang ang mga nasa bilog ay ang aktor.*

   A. **<u>Naglakbay</u>** si Persiyus patungo sa tahanan ng mga diyos.

   B. **<u>Sumalungat</u>** si Medusa sa lahat ng gusto ni Athena.

2. Karanasan
   - Nagpapahayag ng karanasan ang pandiwa kapag may damdamin. Ito ay nangangahulugang may nakadarama/nakararanas ng damdamin, na siyang inihuhudyat ng pandiwa. Sa madaling salita, may mga sitwasyong may tagaranas ng damdamin o saloobin.

   Halimbawa: *Ang mga nakasalungguhit ay ang karanasan samantalang ang binilugang salita ay aktor.*

   A. **<u>Nalungkot</u>** si Persiyus sa sinapit ni Atlas.

   B. **<u>Nagalit</u>** ang lahat nang mabalitaan ang paglusob ng dragon.

3. Pangyayari
   - Ang pandiwa ay resulta ng isang pangyayari.

   Halimbawa: *Ang mga nakasalungguhit ay ang pandiwa samantalang ang binilugang salita ay pangyayari.*

   A. **<u>Nalunod</u>** ang mga tao sa matinding pagbaha.

   B. **<u>Kumulo</u>** ang dugo ni Polidiktis sa muling pakikiharap kay Persiyus.

For PEAC Training Use Only

Ngayong nauunawaan mo na ang iba't ibang gamit ng pandiwa bilang aksiyon, karanasan at pangyayari maaari mo ng isagawa ang mga sumusunod na pagsasanay. Ang layunin ng mga pagsasanay na ito ay upang mahasa ang iyong kasanayan kung paano mo mabisang magagamit ang pandiwa.

**Gawain 7: MAGSANAY TAYO!**
Isulat sa loob ng kahon kung ang pandiwang may salungguhit ay ginamit bilang ***aksiyon, karanasan o pangyayari.***

| | |
|---|---|
| | 1. Ginawa ni Athena ang lahat upang maparusahan si Medusa. |
| | 2. Labis na nanibugho si Athena sa kagandahan ni Medusa. |
| | 3. Nalungkot si Persiyus s autos ng hari kaya minabuti niyang lumayo na lamang. |
| | 4. Hindi nasiyahan si Zeus sa ginawang pagtataksil ni Atlas . |
| | 5. Umibig ang lahat ng kalalakihan kay Medusa. |
| | 6. Patuloy na naglakbay si Persiyus upang mapagtagumpayan ang mga hangarin. |
| | 7. Lalong sumidhi ang pagseselos ni Athena kay Medusa. |
| | 8. Itinakwil ni Polidiktis si Persiyus, anak ni Danae. |
| | 9. Bumalik siya upang iligtas ang ina kay Polidiktis. |
| | 10. Dahil sa pagmamahal sa ina tiniis niya ang mga pagsubok. |

**Gawain 8: MAGSULAT TAYO!**
Bumuo ng tiglilimang pangungusap na may pandiwang ginamit bilang aksiyon, pangyayari at karanasan.

Halimbawa:

| AKSIYON | PANGYAYARI | KARANASAN |
|---|---|---|
| Pinarusahan ni Zeus si Atlas dahil sa tangkang pag-aalsa. | Nagsulputan ang mga gusali sa siyudad bilang tanda ng pag-unlad. | Natuwa si Zeus sa tagumpay ni Persiyus. |

For PEAC Training Use Only

| AKSIYON | |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| PANGYAYARI | |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| KARANASAN | |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

**Gawain 9: K-W-L**
Direksyon: Isulat ang hinihiling ng mga kolum. Gumamit ng mga salitang naaayon sa wastong pagkakagamit ng aspekto ng pandiwa.

| ALAM | NAIS MALAMAN | NATUTUHAN |
|---|---|---|
| Mitolohiya | Mitolohiya | Mitolohiya |
| Pandiwa | Pandiwa | Pandiwa |

**Alam:** Ano ang iyong nalalaman tungkol sa mitolohiya at angkop na gamit ng pandiwa bilang aksiyon, karanasan, at pangyayari?

For FEAC Training Use Only

**Nais Malaman:** Ano ang gusto mong malaman tungkol sa mitolohiya at angkop na gamit ng pandiwwa bilang aksiyon, karanasan at pangyayari?

**Natutuhan:** Batay sa talakayan, ano ang natutuhan mo tungkol sa mitolohiya at angkop na gamit ng pandiwa bilang aksiyon, karanasan at pangyayari?

**Gawain 10: PAGBUO NG KONSEPTO**
Pagbuo ng konsepto mula sa mga natutunan sa buong aralin. Tinutukoy nito ang iyong mga nakalap na kakayahan at kaalaman na maaaring magamit sa pagbuo ng inaasahang pagganap. Mahalaga ang bahaging ito kaya't huwag mong kalilimutang sagutan.

Buuin ang Konsepto

Ang kahalagahan ng paggamit ng angkop na pandiwa bilang aksiyon, karanasan at pangyayari ay
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**Ang mitolohiya bilang isang uri ng akdang Mediterranian ay nakatutulong upang** ________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang:**

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang mitolohiya at ang kahalagahan ng paggamit ng angkop na pandiwa. Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi ng modyul.

## PAGPAPALALIM

Upang maunawaan mo ang kahalagahan ng mitolohiya ng ibang bansa, tulad ng mitolohiyang Griyego, gawin ang mga sumusunod na bahagi sa pagpapalalim. Tutulungan ka ng mga gawaing ito upnag mas lalo mong maunawaan at mapahalagahan ang aralin.

For PEAC Use Only

**Gawain 11: PANOORIN AT SURIIN MO!**

Panoorin at suriin mo ang mga sumusunod na video. Iugnay mo ang mensahe ng video batay sa sarili, pamilya, pamayanan, lipunan at daigdig. Patunayan na ang mitolohiya ay tunay, buhay at nangyayari.




www.youtube.com/clashofthetitans

| Pangyayari sa pelikula na may kaugnayan sa pamilya | Pangyayari sa pelikula na may kaugnayan sa mga pangyayari sa lipunan | Pangyayari sa pelikula na may kaugnayan sa mga pangyayari sa mundo |
|---|---|---|
| | | |

Mensahe ng Pelikula:

Pamprosesong Tanong:

**Paano ipinakita ng mitolohiya ang katuturan at kahalagahan kung bakit ito kailangang pag-aralan sa kasalukuyan?**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

___________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim:**

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang mga kaalaman hinggil sa iba't ibang mensahe at tulong na magagawa ng isang mitolohiya. Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito?

Ngayon at may malalim ka ng pag-unawa sa paksa, handa ka nang gawin ang isang proyektong may kinalaman sa pagsusuri ng mga isinagawang kritik ng mga akdang pampanitikan sa kanluran.

**PAGLILIPAT**

Ang bahaging ito ay inilaan upang mapagtibay ang iyong mga natutunan. Magagamit mo ang iyong mga natutunan upang mabuo ang isang gawain na may kinalaman sa pagbuo ng inaasahang pagganap.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamgitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa pagsusuri ng isang akdang pampanitikan. Sa ngayon upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap, gawin mo muna ang mga paunang gawaing ito.

**Gawain 12: ISULAT MO!**

Batay sa iyong mga natutunan sa araling ito, ikaw ay inaasahang makasusulat ng isang sariling mitolohiya. Ang mitolohiyang iyong isusulat ay maaaring ibatay sa mga pangyayari sa sarili, pamilya, lipunan at daigdig.

Mga dapat tandaan pagsulat ng sariling mitolohiya:

1. Bumuo ng isang malikhaing pamagat.
2. Siguraduhing malinaw ang paglalarawan ng mga tauhang lilikhain sa akda.
3. Bigyang-pansin ang wastong sangkap ng isang kuwento at ang gamit ng mga salita.
4. Patunayan na ang mitolohiyang nilikha ay sasalamin sa sarili, pamilya, lipunan o daigdig.

PAMAGAT:

PAKSA:

TEMA:

For DepEd Training Use Only

| TAUHAN | DISKRIPSYON NG TAUHAN |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Isulat ang mitolohiya:

For PEAC Training Use Only

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

**TSEKLIST SA PAGSULAT NG MITOLOHIYA**

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. May mabisang nilalaman dahil mahigpit at buo ang paglalarawan sa tauhan at mabisa ang paglalarawan sa mahahalagang tagpo. | | | | | |
| 2. Maayos, malinaw at mabisang naihanay ang mga pangyayari mula umpisa hanggang wakas | | | | | |
| 3. Naging mabisa at wasto ang pagkakabuo/ kayarian ng mga salita at pangungusap na ginamit sa akda. | | | | | |
| | | | | | |
| **KABUUAN** | | | | | |

**Pagtatapos ng PAGLILIPAT:**

Sa bahaging ito, naisulat mo nang mabisa ang sarili mong mitolohiya. Ang mahahalagang kasanayan at kaalamang iyong natutunan sa araling ito ay makatutulong upang maging mabuting tao sa lipunan, mahusay sa larangan ng paglalarawan at maging mabisang manunulat at manunuri ng panitikan.

Ngayon handa ka ng ipagpatuloy ang pagsagot sa modyul na ito sa pamamagitan ng susunod na aralin.

For PEAC Training Use Only

**Aralin 2: Maikling Kuwento**

**Panitikan :** ANG BABAING PULUBI NG LOCARNO *ni Heinrich Von Kleist*
*(Kuwento mula sa Italya, salin sa Filipino ni B.S. Medina Jr.)*

**Wika:** Panghalip Bilang Panuring sa mga Tauhan

**PAGTUKLAS:**

Bukod sa kinikilala ang bangsang ito sa fashion and culture, isa sa itinuturing na pinakamalayang bansa sa kanluran ng Europa ang Italya. Ang bansang ito ay isa sa pinakamahalagang bansa sa *Europian Union* dahil sa komersyo, kultura at kasaysayan. Katulad ng iba pang mga bansa sa Meditterenean, mayaman sa panitikan ang bansang Italya. Ang mga panitikan sa bansang ito ay nagsisilbing kanlungan ng kanilang sinaunang kaugalian, tradisyon at kultura.

Pag-aaralan natin sa bahaging ito ang isang maikling kuwentong nakilala sa Italya. Uunawain natin kung masasalamin sa mga tauhan at pangyayari ang tradisyon at kultura sa bansang ito. Huhubugin din ang iyong kasanayan sa paggamit ng panghalip upang ikaw ay maging mahusay na mananalaysay ng kuwento. Ikaw ay inaasahang makalalahok sa isang round table discussion na magbibigay-pansin sa kahalagahan ng panitikang Mediterranean sa mundo. Ang nilalaman, daloy ng kaisipan at pagkamalikhain sa pagsasalaysay ang higit na bibigyang-diin sa iyong inaasahang paglilipat.

Tutuklasin mo kung masasalamin sa katauhan ng mga tauhan sa kuwento ang pag-uugali ng mga taong pinanggagalingan ng akda gayundin ang paggamit ng panghalip sa mabisang pagsasalaysay.

**TUKLASIN**

Sa kasunod na mga gawain, tutuklasin natin ang yaman at halaga ng mga panitikang umusbong sa bansang Italya. Kikilalanin din natin ang kultura, gawi, pagkakakilanlan ng bansa sa pamamagitan ng akdang tatalakayin.

For PEAC Training Use Only

**Gawain 1: PHOTO COLLAGE:  KILALANIN MO ANG ITALYA**

Direksyon: Isang *Photo Collage* ang makikita. Ilarawan ang bansang Italya batay sa ipinahihiwatig ng mga larawan. Magbigay ng interpretasyon tungkol sa paraan ng pamumuhay, pamahalaan, relihiyon at kultura. Alamin din kung ang mga nabanggit ay maaring maging mahalagang paksa ng kanilang panitikan.



Ang masasabi ko tungkol sa Italya ay:

Mahihinuha sa larawan na ang kanilang panitiikan ay tungkol sa:

**Gawain 2: IPALIWANAG MO!**

Direksyon: Suriing mabuti ang pahayag at isulat sa kahon ang iyong sariling interpretasyon.

***Kapag masama ang iginanti sa mabuting ginawa***

***Ang kapahamakan sa buhay ay di mawawala.***

Pamprosesong Tanong:

1. Paano ba maging mabuting tao sa ating kapuwa?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________
2. Kailan masasabing mabuti ang ginagawa natin sa ating kapuwa?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________
3. Sumasang-ayon ka ba sa mensahe ng pahayag?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________

**Gawain 3: ARG (Anticipation Reaction Guide)**
Direksyon: Suriing mabuti ang pahayag at isulat sa kahon ang iyong sariling interpretasyon.

**ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

| BAGO ANG TALAKAYAN | PAHAYAG | PAGKATAPOS NG TALAKAYAN |
|---|---|---|
| | Ang mga panghalip na panuring sa tauhan ay ginagamit lamang sa pangunahing tauhan ng isang akda. | |
| | Maituturing na isang anapora kung ang panghalip ay nauna kaysa sa pangngalan. | |
| | Ang katapora ay kabaligtaran ng anaphora | |
| | Ang mga panitikan sa Italya ay nakatuon sa temang pang-relihiyon. | |
| | Ang mga panitikan sa Italya ay sumasalamin sa kabuuang kultura ng Europa. | |

**KATAPUSAN NG PAGTUKLAS:**
*Nasubukan mo ng magbigay ng hinuha batay sa larawan. Ngayon mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi.*

*Ang matutunan mo sa mga susunod na bahagi ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa mabisang pagpapahayag sa pamamagitan ng isang round table discussion.*

For PEAC Training Use Only

**PAGLINANG**

*Ang iyong layunin sa bahaging ito ay matutunan at maunawaan ang konsepto ng pag-ibig na nailalarawan sa pamamagitan ng ibang kultura. Basahin at unawain ang akda. Sagutin ang mga tanong pagkatapos ng pagbasa.*

Alamin Mo:

Alam mo ba na ang kuwentong nakatuon sa tauhan ay isang kuwentong nagbibigay halaga sa kilos o galaw, pag-iisip at pagsasalita ng mga tauhan? Ito ay nag-iiwan ng isang kakintalan sa tauhang inilalarawan o pinapaksa ng akda. Nangingibabaw ang tauhan batay sa isang masusing pag-aaral at paglalarawan sa tunay na pagkatao ng tauhan sa katha. Maraming pamamaraan upang ilarawan ang tauhan, batay sa mithiin, damdamin, panloob at panlabas na anyo, kilos at pananalita.

**Gawain 3: TALASALITAAN**
Direksyon: Tukuyin ang kasingkahulugan ng mga salitang initiman. Titik lamang.

1. Habang tumatayo ang babaing pulubi, napadulas ito sa kanyang **muleta** sa makinis na sahig at lubhang napinsala ang likod.
   A. Paa B. Tsinelas C. Saklay D. Sapatos

2. Makaraan ang maraming taon, nang **maghikahos** ang Marquez dahil sa digmaan ay napag-isipan nilang ipagbili ang kastilyo.
   A. Guminhawa B. Magsawa C. Magkulang D. Maghirap

3. **Nalugmok** ang matandang babae sa likuran ng isang kalan.
   A. Nadapa B. Nabuwal C. Nadulas D. Nahilo

4. Nasindak ang Marquez dahil napatunayan niyang totoo ang sinasabi ng **kabalyero**.
   A. Mandirigma B. Estranghero C. Pulitiko D. Negosyante

5. Tumindi ang **pagnanasa** ng mag-asawang Marquez na maipagbili ang kastilyo.
   A. Paghahangad B. Pangarap C. Panalangin D. Pagpupursige

For PEAC Training Use

**Basahin at Unawain**

*Tandaan ang mga salitang hindi mo gaanong mauunawaan habang binabasa mo ang akda.*

**Ang Babaing Pulubi ng Locarno**
*ni Heinrich Von Kleist*
*(Kuwento mula sa Italya, salin sa Filipino ni B.S. Medina Jr.)*

*Kapag masama ang iginanti sa mabuting ginawa*
*Ang kapahamakan sa buhay ay di mawawala.*

Sa paanan ng Alps, malapit sa Locarno sa kaitaasan ng Italya, nakatayo ang isang matandang kastilyong pag-aari ng isang Marquez. Ang kastilyong ito ay may matatayog at malalaking silid. Sa isa sa mga silid ay may matandang sakiting babae na nakahiga sa dayami. Pinatuloy siya roon ng asawa ng Marquez dahil sa awa mula sa pagpapalimos ng matanda.

Minsang galing sa pangangaso ang Marquez, habang inilalagak ang kanyang riple ay nasipat niya ang matanda sa isang silid. Pagalit niyang inutusan ang matanda na tumindig at umalis sa silid. Habang tumatayo ay nadulas sa kanyang muleta ang babae dahil sa makinis at makintab na sahig. Labis na napinsala ang kanyang likod. Bumagsak siyang umuungol at dumaraing hanggang sa mamatay.

Makaraan ang maraming taon, naghikahos ang Marquez dulot ng digmaan at masamang ani. Dinalaw siya ng isang kabalyerong Florentino. Hangad ng kabalyero na bilhin ang kanyang kastilyo. Inutusan niya ang asawa na patuluyin ang kabalyero sa silid na may magaganda at mahuhusay na kasangkapan. Subalit, isang gabi, nabalisa ang mag-asawa nang bumaba ang kabalyero. Nababahala at namumutla siya. Sumusumpang nakakita siya ng multo sa silid. Isang bagay na hindi makikita ng karaniwang mata ang tumindig sa isang sulok ng silid. Tila ba may matagal nang nakahiga sa dayami. Maririnig ang mga yabag, ungol at daing.

Ang pangyayaring ito ay lumikha ng balitang tumakot sa maraming mamimili. Hindi ito nakabuti para sa Marquez. Ipinasya niyang magsiyasat nang sumunod na gabi upang mapatigil ang balita. Sa pagsapit ng dilim, ipinaayos niya ang kama at naghintay na maghatinggabi. Lubha siyang nasindak nang biglang may mag-angat sa kanyang sarili patungo sa dayami. Narinig niya ang mga kaluskos, buntong-hininga at ingay ng namatay.

Kinaumagahan, tinanong siya ng asawa kung ano ang nangyari sa kanyang pagsisiyasat. Sinagot niya ang babae na totoo ang tungkol sa multo. Ngayon lang nabahala ang asawa kaya't hiningi niyang muling magsiyasat na kasama siya. Nang sumunod na gabi, kasama ang isang matapat na kasambahay, narinig nila ang mahiwagang mga tunog. Tanging ang nagdudumiing pagnanasang maipagbili ang kastilyo sa anumang paraan ang nakatulong sa kanila upang masugpo ang takot na

For PEAC Training Use Only

nararamdaman. Pinanhik nila ang hagdan dala ang mga kandila. Binitbit ng Marquez ang kanyang sable at pistola. Nang tumugtog ang orasan ay narinig na naman nila ang nakahihindik na ingay. May naaninag silang tumindig sa pamamagitan ng muleta sa gitna ng silid. Narinig nila ang kaluskos sa dayami. Kumahol ang kanilang alagang aso na animo'y may nakikita. Tindig ang tainga, umuungol at kumakahol nang malakas. Tila may isang taong papalapit sa kanilang kinaroroonan. Nanindig ang kanilang balahibo. Sinunggaban ng Marquez ang sable at sumigaw ng *"Sino yan?"* Nang walang sumagot ay nagtataga siya sa hangin sa lahat ng direksyon na parang isang baliw.

Ang asawa ay nagpahanda ng karwahe. Bago siya nagkapanahong makapaghakot ng ilang bagay at makalabas sa tarangkahan, nakita niyang nagliliyab na ang kastilyo sa lahat ng dako. Samantala ang Marquez na nasindak sa lagim ay kumuha ng kandila at sinilaban ang silid sa bawat sulok nito. Nagpadala ang asawa ng mga taong magliligtas sa Marquez ngunit hindi na ito naabutang buhay. Namatay ang Marquez sa lalong abang paraan. Hanggang sa kasalukuyan ang kanyang mga puting buto na tinipon ng kanyang mga kapanalig ay naroon sa sulok ng silid na pinagtindigan ng babaing pulubi ng Locarno.

For PEAC Training Use Only

**Gawain 4: PAG-USAPAN NATIN**

Direksyon: Talakayin natin ang nilalaman ng akda. Sagutin ang mga sumusunod na taong.

1. Bakit pinatuloy ng mag-asawang Marquez ang matandang babae sa kanilang bahay?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________________
   ______________________________________

2. Ano ang naging dahilan kung bakit naghirap ang mga Marquez?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________________
   ______________________________________

3. Makatuwiran ba ang mga pangyayaring naganap sa buhay ng mga Marquez?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________________
   ______________________________________

4. Kung ikaw ang nasa katayuan ng mga Marquez, ano ang iyong gagawin upang hindi maranasan ang sinapit ng mga Marquez?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5. Sa kasalukuyang panahon, may mga Marquez pa ba sa paligid? Patunayan.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

6. **Anong pag-uugali ng mga tauhan ang masasabi mong tatak ng kanilang kultura? Naging mabisa ba ang paglalarawan upang lubos mong maunawaan ang kanilang pagkakakilanlan?**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**Gawain 5: KILALANIN MO (Character Map)**

Direksyon: Ipakilala ang mga pangunahing tauhan sa kuwento sa pamamagitan ng kasunod na *character map*. Ihambing ang isa sa ilang kilalang may pagkakatulad ang ugali.

| Tauhan | Katangiang Pisikal | Gawi/Aksyon | Reaksiyon ng Ibang Tauhan |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| *Pumili ng isang tauhan sa kuwento at ihambing sa isang kilalang may pagkakatulad ang ugali.* | | | |

For PEAC Training Use Only

**Gawain 6: ANO ANG AMIN, ANO ANG INYO?**

Direksyon: Isulat sa **kahon A** ang lahat ng mga pangyayaring makikita lamang sa bansang pinagmulan ng akda samantalang isulat sa **kahon B** ang mga pangyayaring may pagkakahawig sa kultura ng mga Pilipino.

| Kahon A | Kahon B |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong naging batayan kung bakit mo naisulat ang mga pangyayari sa kahon A?
   ________________________________________
   ________________________________________

2. Ano ang iyong naging batayan sa pagsasabing ang mga nakasulat sa kahon B ay may pagkakahawig sa kultura ng mga Pilipino?
   ________________________________________
   ________________________________________

3. Masasabi mo bang ang akda ay nagpapakita/naglalarawan ng kultura ng isang bansa? Patunayan.
   ________________________________________
   ________________________________________

4. **Tunay bang ang panitikan ay isa pinakamabisang pamamaraan upang ilarawan ang mahahalagang isyung panlipunan ng isang bansa?**
   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________

For PEAC Training

**Gawain 7: ISYU 101**

Direksyon: Ano-anong mga isyu ang maaaring maiuugnay sa mga sumusunod na pangyayari sa akda? Ilahad ang mga ito batay sa mga napapanahong kalagayan ng bansa.

| Pangyayari sa Akda | Pangyayari sa Kasalukuyan |
| --- | --- |
| Makaraan ang maraming taon, naghikahos ang Marquez dulot ng digmaan at masamang ani. Dinalaw siya ng isang kabalyerong Florentino. Hangad ng kabalyero na bilhin ang kanyang kastilyo. Inutusan niya ang asawa na patuluyin ang kabalyero sa silid | |

| Pangyayari sa Akda | Pangyayari sa Kasalukuyan |
| --- | --- |
| Ipinasya niyang magsiyasat nang sumunod na gabi upang mapatigil ang balita. | |

| Pangyayari sa Akda | Pangyayari sa Kasalukuyan |
| --- | --- |
| Ang asawa ay nagpahanda ng karwahe. Bago siya nagkapanahong makapaghakot ng ilang bagay at makalabas sa tarangkahan, nakita niyang nagliliyab na ang kastilyo sa lahat ng dako. Samantala ang Marquez na nasindak sa lagim ay kumuha ng kandila at sinilaban ang silid sa bawat sulok nito. | |

Pamprosesong Tanong:

1. Paano sinasalamin ng isang akdang pampanitikan ang mga isyung panlipunan ng isang bansa?

2. Bakit mahalagang sandigan ang panitikan sa pagtalakay ng mga isyung panlipunan?

3. ***Paano naging mabisa ang akdang iyong binasa upang mailahad ang mga isyung panlipunan?***

## Basahin at Alamin!

**Kohesyong Gramatikal**

- Ito ay mga salitang tulad ng panghalip na nagkakawing sa mga salita, parirala at sugnay.
- Nakababagot na mabasa at marinig ang mga salitang paulit-ulit na ginagamit sa isang teksto o pahayag.
- Maiiwasan ang nabanggit na pag-uulit kung gagamit tayo ng panghalip tulad ng siya, niya, kanila, at iba pa. Ang paggamit ng mga panghalip upang humalili sa pangngalan ay tinatawag na pagpapatungkol.

For PEAC Training Use Only

1. **Pagpapatungkol na Anapora**

Ito ay panghalip na ginagamit sa hulihan bilang pananda sa pinalitang pangngalan sa unahan ng pangungusap




Halimbawa:

- Patuloy na dinarayo ng mga turista ang Isla ng Boracay sa Aklan dahil sila'y totoong nagagandahan dito.
- Si Gracia Burnham ay isa sa mga dayuhang turista na pumunta sa Dos Palmas Resort dahil ayon sa kanya, paborito niya itong pasyalan.

2. **Pagpapatungkol na Katapora**

Ito ang panghalip na ginagamit sa unahan bilang pananda sa pinalitang pangngalan sa hulihan





Halimbawa:

- Patuloy nilang dinarayo ang Isla ng Boracay sa Aklan dahil ang mga turista'y totoong nagagandahan dito.
- Siya ay isa sa mga dayuhang turista na patuloy na pumupunta sa Dos Palmas Resort sa Palawan dahil ayon kay Gracia Burnham paborito niya itong pasyalan.

**Gawain 8: MAGSANAY TAYO**

Direksyon: Iklik ang **PA** kung ito ay pagpapatungkol anaphora; **PK** kung ito ay pagpapatungkol katapora.




1. Ayon sa mga nakaaalam ng takbo ng turismo sa bansa, humina ito dahil sa masasamang balita.
2. Isa siyang pulitiko kaya't nalalaman niya kung paano lambingin ang mga tao.
3. Ito ang pangunahing dahilan ng pagbagsak ng turismo sa bansa kaya ang terorismo ay patuloy na sinusugpo ng Administrasyong Aquino.
4. Naniniwala si Duterte sa kakayahan niyang pamunuan ang bansang Pilipinas.
5. Ang pagpasok ng mga dolyar sa Pilipinas ay maituturing na biyaya, sapagkat ito ang dahilan ng pagtaas ng ekonomiya.

For PLAC Training Use Only

**Gawain 9: PILIIN MO ANG PANGHALIP**

Direksyon: Basahin ang pangungusap sa bawat bilang. Punan ng angkop na panghalip ang mga patlang mula sa ibinigay na mga pagpipilian sa loob ng panaklong. Isulat ang tamang sagot.

_________ 1. ***(Siya'y, Ika'y, Kami'y)*** __________ isa sa magaganda't mapanghalinang babae na sa pagkakamali ng tadhana ay isinilang sa angkan ng mga tagasulat.

_________ 2. Labis ang pagdurusa ng matandang Marquez dahil sa may paniniwala ***(akong, kaming, siyang)*** _________ isinilang siya sa daigdig upang maranasan ang lahat ng pagdurusa at kasawian.

_________ 3. Malimit na sa pagmamasid ***(niya, nito, siya)***_________ sa kabalyero ay nahihintakutan siya sa posibleng mangyari.

_________ 4. "Mahal, akala ko'y ikatutuwa ***(nila, ko, mo)*** __________ ang pagkakabenta n gating palasyo.

_________ 5. Sumapit ang inaasam ***(naming, kong, niyang)*** __________ araw ng lagim. Nagliyab ang buong palasyo dahil sa mapapait na pangyayari.

**Gawain 10: ANGKOP NA PANGHALIP**

Direksyon: Basahin ang pangungusap sa bawat bilang. Punan ng angkop na panghalip ang mga patlang mula sa ibinigay na mga pagpipilian sa loob ng panaklong. Isulat ang tamang sagot.

Talagang naghahanda na si Jack sa pag-alis nang sabihin sa 1. ______________ ng kaibigang editor ng 2. _____________ ama sa Honolulu na hintayin muna 3.____________ ang pagtatapos ng klase sa Kolehiyo ng Punahu.

*"Ako ang nahirang na magbigay ng pangaral sa mga nagtapos sa taong ito," ang sabi niya kay Jack "at maibabalita 4. ___________ sa 5. ____________ ama sa Hollywood kung gaano kabuting magsermon sa mga wahini (babae, sa wikang Kanaka) ang 6.___________ kaibigan sa Honolulu."*

Pumayag si Jack. Sa nasabing *commencement ng Punahu School*, doon 7.______________ nakilala si Jasmine, isang tunay na Kanaka subalit halimbawa ng dalagang may mataas na pinag-aralan. Hindi 8.___________ malaman kung bakit ang mga matang buhay na buhay ni Noemi ay walang iniwan sa dalawang palasong pangaral, palibhasa'y 9._____________ ang pangulo ng kapisanan ng mga senior sa

For PEAC Training Use Only

nasabing kolehiyo. Anong tamis 10.____________ magsalita ng wikang Ingles! Anong lambing niyang bumigkas ng pangungusap!

*"Wala pa 11.___________ naririnig na dalagang Amerikana na kasintamis niyang magsalita"* ang sabi pa ni Jack pagkatapos.

*"Ginoong Editor,"* sang sabi niya sa kaibigan ng 12.___________ ama, *"hindi ako uuwi na hindi kasama si Noemi."*

*"Talaga bang totoo ang sinasabi 13.__________?"* ang usisa sa 14.____________ ng matanda.

*"Paris ng katotohanang ang umaga'y sumusunod sa gabi"*
"*Jack!* Ang may halong pangaral ng matanda, *"Ang mga Kanaka ay mamamayang Amerikano lamang, ngunit hindi laking Amerikano. Kawika lamang 15._____________, datapwa't hindi natin sila kalahi.*

**GAWAIN 11: PUNAN MO….**

Mula sa mga araling iyong natutunan, buuin mo ang mga parirala sa ibaba upang maging buo ang diwa.

Ang panitikan mula sa Italya ay
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Makatutulong ang paggamit ng panghalip sa
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang:**

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang mga kaalaman hinggil sa panitikan ng Itlaya at ang katuturan ng paggamit ng mga panghalip. Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito?

For DepEd Training Use Only

Ngayon ay tumungo tayo sa bahaging pagpapalalim. Sa bahaging ito payayamanin natin ang nilalaman sa pamamagitan ng pag-uugnay sa kasalukuyan. Tutulungan din tayo ng mga gawain sa susunod na bahagi na isagawa ang inaasahang pagganap.

**PAGPAPALALIM**

Sa bahaging ito palalalimin o payayamanin ang iyong kaalaman at natutunan. Layunin din na pagtibayin ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

For PEAC Training Use Only

**Gawain 12: SURIIN MO ANG VIDEO!**

Direksyon: Panoorin mo at pag-aralan ang isang maikling kuwentong sumikat sa Mediterrenean. Suriin ang tauhan batay sa pag-uugali, karanasan at mga isyung kinahaharap. Iugnay ang mga suliranin batay mga pangyayari sa kasalukuyan. Maaring tingnan ang teksto kung sakaling kailangang paunlarin ang nilalaman ng akda.

***Video: Ang Kuwintas ni Guy de Maupassant***

www.youtube.com/angkuwintas/guydemaupassantbuod

**Mga Usaping Pansarili**

| Pangyayari mula sa akda 1: | Pangyayari mula sa akda 2: | Pangyayari mula sa akda 3: |
|---|---|---|
| | | |

**Pag-uugnay sa Kasalukuyan:** *(Magbigay ng mga kongkretong pangyayari sa kasalukuyan na magpapatunay na ang akda ay tunay at nagaganap).*

**Mga Usaping Panlipunan**

| Pangyayari mula sa akda 1: | Pangyayari mula sa akda 2: | Pangyayari mula sa akda 3: |
|---|---|---|
| | | |

**Mga Usaping Pandaigdig**

| Pangyayari mula sa akda 1: | Pangyayari mula sa akda 2: | Pangyayari mula sa akda 3: |
|---|---|---|
| | | |

**Pag-uugnay sa Kasalukuyan:** *(Magbigay ng mga kongkretong pangyayari sa kasalukuyan na magpapatunay na ang akda ay tunay at nagaganap).*

Ang akda ay mahalagang pag-aralan dahil ito ay

_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________

**Naging mabisa ang akda sa akin bilang mambabasa dahil taglay nito ang**

_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________

For DepEd Training Use

Balikan mong muli ang mapa ng pagbabagong iyong sinagutan sa panimula. Alamin kung paano nabago ang iyong mga pang-unag kaalaman.

**Gawain 13: ARG (Anticipation Reaction Guide)**

Direksyon: Suriing mabuti ang pahayag at isulat sa kahon ang iyong sariling interpretasyon. Sagutan ang bahagi ng pagkatapos ng talakayan.

**ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

| BAGO ANG TALAKAYAN | PAHAYAG | PAGKATAPOS NG TALAKAYAN |
|---|---|---|
| | Ang mga panghalip na panuring sa tauhan ay ginagamit lamang sa pangunahing tauhan ng isang akda. | |
| | Maituturing na isang anapora kung ang panghalip ay nauna kaysa sa pangngalan. | |
| | Ang katapora ay kabaligtaran ng anaphora | |
| | Ang mga panitikan sa Italya ay nakatuon sa temang pang-relihiyon. | |
| | Ang mga panitikan sa Italya ay sumasalamin sa kabuuang kultura ng Europa. | |

Pamprosesong Tanong:

1. Paano nabago ang iyong mga kasagutan? Isa-isahin ang mga dahilan.
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   __________________
2. **Ano ang higit na nakatulong sa iyo upang mas maging mahusay ang isang akda?**
   ________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   _________

**Katapusan ng PAGPAPALALIM:**

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan para higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamgitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang mapanuring pagsusuri sa mga akdang pampanitikan. Sa ngayon upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa pagsusuring gagamitin sa isang ***round table discussion***, gawin mo muna ang mga pantulong na gawaing ito.

**PAGLILIPAT:**

Ang iyong tunguhin sa bahaging ito ay mailipat ang iyong mga natutunan sa mga totoong sitwasyon. Bibigyan ka ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maipakita mo ang iyong malalim na pang-unawa.


**Gawain 14: IPOST MO… PAG-USAPAN NATIN**

Direksyon: Ikaw ay tutugon sa panawagan ng Carlos *Palanca Memorial Awards* tungkol panghihikayat na basahin at tangkilikin ang mga panitikang Pilipino. Bilang paglahok sa panawagang itosundin ang mga sumusunod na hakbang.

1. Ikaw ay magpo*post* ng isang panunuring pampanitikan sa isang *blog*. Hikayatin ang mga tagasubaybay ng blog na pag-usapan ang panitikan kaugnay sa mga pangyayari sa kasalukuyan.
2. Iprint-*screen* ang talakayang naganap sa loob ng isang araw.
3. Ipasa sa ***dashboard*** ng guro ang kopya ng pagsusuri at ang talakayang naganap sa *blog*.
4. Inaasahan ang talakayan ay magiging malalim at makabuluhan.

For PEAC Training Use Only

5. Ang panunuri at talakayan ay mamarkahan gamit ang isang ***holistic rubric***




**Roberto Añonuevo (ALIMBUKAD)**

Subuking bisitahin ang ***Alimbukad***. Ang Alimbukad ay isang pitak ng blogitsang si Roberto T. Añonuevo, na isa ring matinik na makata, kritiko at editor.

***HOLISTIC RUBRIC NG ISANG PAGSUSURING PAMPANITIKANG TINALAKAY SA ISANG BLOG.***

| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman<br>Masusing pinag-aralan ang ginawang pagsusuri. Gumamit ng mahusay na pananaliksik. | | | | |
| Mabisang Pagpapahayag<br>Malinaw ang ginawang paglalahad at pagpapahayag ng mga punto at komento. | | | | |
| Makabuluhang Pahayag<br>Makabuluhan ang mga pahayag o komento sa mga pinag-usapan. Maaaring pinagtalunan, pinayaman, sinang-ayunan. | | | | |
| Gamit ng Wika<br>Mahusay ang pagkakasulat dahil sa sinusunod ang mga alituntuning panggramatika sa lahat ng pagkakataon. | | | | |

For PEAC Training Use Only

**Aralin Bilang 3: ANG PAGBIBINYAG SA SAVICA**

*(Krst Pri Savici, Epikong Slovenia)*
*ni France Preseren*

**Panitikan:** Ang Pagbibinyag sa Savica ni France Preseren
**Wika:** Mga Pananda sa Mabisang Paglalahad ng Pahayag


## PAGTUKLAS

*Matapos ang naunang aralin, halina't tuklasin ang mga bagong kaalaman at konseptong matututunan sa panibagong aralin.*

Sa sumusunod na gawain, alamin natin kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman sa kahulugan ng epiko at mga pangunahing tauhan sa epiko na may *supernatural* na kapangyarihan.

### GAWAIN 1: PUNAN MO AT BUUIN MO!

Alamin natin ang ilang mga bagay tungkol sa epiko, subukan mong punan ng mga salitang may kinalaman sa epiko ang mga kahon. Maaari kang manaliksik kung sa tingin mo ay kinakailangan.




Ang sarili kong pagpapakahulugan sa epiko ay
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

**GAWAIN 2: I-GOOGLE MO!**

Suriin ang sumusunod na epiko sa Kolum A. Tukuyin kung sino ang pangunahing tauhan ng mga ito at isulat sa Kolum B. Alamin kung ano ang *supernatural* na kapangyarihan nito at isulat sa Kolum C.

| **Kolum A**<br>**Pamagat ng Epiko** | **Kolum B**<br>**Pangunahing Tauhan** | **Kolum C**<br>**Supernatural/ Kapangyarihan** |
|---|---|---|
| Hudhod at Alim | | |
| Biag ni Lam-Ang | | |
| Indarapatra at Sulayman | | |
| Ibalon | | |
| Illiad and Odyssey | | |

Batay sa gawaing iyong sinagutan, ipagpatuloy natin sa pamamagitan ng pagsagot ng isang *IRF: Konsepto ng Pagbabago* na natutungkol sa paghahambing at paglalarawan ng panitikan ng India at Pilipinas. Susukatin nito ang iyong kaalaman bago simulan ang pagtalakay ng mga aralin.

**Gawain 3: *IRF-Konsepto ng Pagbabago***

*Sagutin ang tanong sa IRF Chart. Punan ng mga paunang impormasyon ang bahaging I (initial) ng tsart. Huwag mo nang sagutan ang bahaging R at F.*

| *Tanong:* Bakit mahalagang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa ang epiko? | |
|---|---|
| ***I*** *(Initial)* | |
| ***R****(Revised)* | |
| ***F****(Final)* | |

For DepEd Training Use Only

**KATAPUSAN NG PAGTUKLAS:**
*Nasubukan mo ng magbigay kahulugan sa mga salitang may kinalaman sa pagtalakay ng epiko. Ngayon mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi.*

*Ang matutunan mo sa mga susunod na bahagi ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng isang masining na pagsasalaysay.*

**PAGLINANG**

*Ang iyong layunin sa bahaging ito ay matutunan at maunawaan ang konsepto ng pag-ibig na nailalarawan sa pamamagitan ng ibang kultura. Basahin at unawain ang akda. Sagutin ang mga tanong pagkatapos ng pagbasa.*

Basahin Mo:

***Ano ang Epiko?***

Ang salitang epiko ay mula sa salitang Griyegong ***epos*** na ang ibig sabihin ay *salawikain o awit*. Isa itong mahabang tulang pasalaysay na tumatalakay sa kabayanihan ng isang tao na angat sa kalikasan. Inaawit o kaya'y binibigkas nang patula na may tiyak na layunin. Karaniwang ang mga pangyayari ay hindi kapani-paniwala at nagtataglay ng maraming kababalaghan.

***Kaligirang Pangkasaysayan ng Epiko***

Nagsimula ang mga epiko sa pamamagitan ng mga ritwal na ginagawa ng ating mga ninuno. Layunin nilang ipangaral sa mga mamamayan ang kanilang tungkulin sa sambayanan. Sinasalamin ng mga pangaral sa pamamagitan ng mga epiko ang mga paniniwala, kaugalian, kultura at mithiin sa buhay ng mga tao. Pinatunayan ito ng mga eksperto sa kasaysayan na sina *Padre Colin, Joaquin Martinez de Zuniga at Antonio Pigafetta*.

Ang epiko ay isang uri ng panitikang pasalindila. Ibig sabihin ito ay nailipat o naibahagi ng ating mga ninuno sa pamamagitan ng pagkukuwento sa iba dahilan kung bakit mahirap makilala ang pinakamatandang epiko na naisulat sa ating bansa.
Sa Pilipinas, tinatayang may 28 kilalang epiko. Marami ay nagmula sa mga pangkat etniko sa Mountain Province at Mindanao. Ang mga ito ay nagpapakita ng pag-unlad ng kultura ng isang lugar.

Hanggang sa kasalukuyan ay pinag-aaralan ang mga epiko ng iba't ibang rehiyon sa ating bansa dahil sa sumasalamin ito sa pagkakakilanlan ng kanilang lugar at nagpapakilala ito ng ating kultura at ng ating lahing pinagmulan.

**MAHAHALAGANG ELEMENTO NG EPIKO**

Ang elemento ng isang epiko ay hindi naiiba sa isang maikling kuwento. Bagamat ang epiko ay isang tulang pasalaysay, ito ay nagtataglay pa rin ng tauhan, tagpuan at banghay.

***Tagpuan:*** Mahalagang bigyang-pansin ang tagpuan ng epiko sapagkat ito'y nakatutulong sa pagbibigay linaw sa paksa, sa banghay at maging sa mga tauhan. Dahil sa tagpuan mas nabibigyang-diin ang kilos at isip ng tauhan.

***Tauhan:*** Isa sa mga pangunahing kaibahan ng epiko sa iba pang mga akda ay ang mga tauhan epiko. Mapapansing halos karamihan ng pangunahing tauhan sa epiko ay nagtataglay ng supernatural o di pangkaraniwang kapangyarihan. Bagamat ang ilang mga tauhan ay karaniwan lamang ngunit dahil sa kanilang pamumuno, kakaibang tungkulin sa pamayanan at ang kakayanang ipagtanggol ang mga tauhan laban sa sinumang kaaway ay kabayanihan. Samakatuwid ang pangunahing tauhan sa epiko ay itinuturing na bayaning may kakayahang kalabanin ang mga hamon sa buhay para sa patuloy na pag-unlad ng komunidad na kanilang kinabibilangan.

Sa tulong ng tunggalian, higit na napapalutang ang katangian o katauhan lalo na ng mga pangunahing tauhan. Ang pangunahing tauhan ay kailangang magkaroon ng suliraning lulutasin sa kabila ng mga hadlang o sagabal. Ang tunggalian ay mauuri sa apat – ito ay ang *tao laban sa tao, tao laban sa kalikasan, tao laban sa lipunan* at *tao laban sa sarili.*

***Banghay:*** Ang banghay ng epiko ay maaaring maging payak o komplikado. Ang mga pangyayari ay hindi kapani-paniwala o hindi makatotohanan bagamat may mga pangyayari ritong kakikitaan ng kultura ng isang partikular na rihiyon o lugar. Kung susuriin ang epiko ay matutunghayan sa paraang patula ngunit dahil ito'y isang uri ng salaysay mababakas pa rin sa balangkas ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari.

*Halaw mula sa Pluma I 2011*

For

**Basahin at Unawain**

| |
|---|
| *Tandaan ang mga salitang hindi mo gaanong mauunawaan habang binabasa mo ang akda.* |

## ANG PAGBIBINYAG SA SAVICA

*(Krst Pri Savici, Epikong Slovenia)*
*ni France Preseren*

Si Valjhun, ang anak ni Kajtimar, ay nagpalaganap
Ng pananampalatayang Kristiyano sa mahaba't madugong pakikidigma;
Sina Avreli at Droh, sa kanya'y hindi na lumaban.

Nangabigo sa kanilang buhay at ibang suliranin,
At ang mga lambak ng Carniola, ng Carantania
Tiyak na puno ng mga lawa ng dugong kahila-hilakbot.

Wala pang matapang na pinunong may hukbong pumapantay,
Nangalupig silang lahat, gumuguho sa pamamaalam,
Liban kay Crtomir na may pangkat pang nagbabagong-lakas.

Ang bunso'y nagtatanggol ng matandang paniniwala
Ng pananampalataya ng kanyang mga ninuno sa iba, mga bathala't espiritu
Sa kabila ng mga ulap ang mataas nilang hurisdiksiyon.

Sa bawat isang nagtataglay ng ganitong palsong pananalig
Sa kapatagan ng Bistric ay bilang takas ng gumagala
Sa kanlungan ng Bohinj at nagtataasang munting tore.

Isang guho sa itaas ng kulay-abong bundok,
Ang huling kuta sa teritoryo ni Crtomir,
Ngayo'y Moog ng Pagano na ating sisiyasatin.

Ang ibayong laking kalaba'y may isang obsesyon,
Makubkob sila, ang kuta'y napapaligiran na,
Nahahadlangan ang pagpasok ng kanilang mga kaalyado.

Tignan kung paanong pataas ang mga tuntungan ng mga kalaban,
Upang gibain ang mga pader, magkaisang wasakin ang mga portada,
Ngunit bawat lusob, matatag ang moog, nanlilito.

Sa anim na buwan ang daigdig na may dugo'y nasalanta,
Mula sa kasamaang patayan ng magkakapatid na Slovene;
Kahindik-hindik na sangkatauhan, at kay panglaw-panglaw!

For PEAC Training Use Only

Ni espada o palakol o kahit hataw ng pala
Ang magsusulong sa tagumpay, manapa'y matinding gutom
Ang nagbabantang magpahina sa proteksiyon ng moog.

Hindi na maikukubli ni Crtomir ang kanilang kagipitan;
Sa gayo'y tinipon niya't kinausap ang kanyang mga kawal.
Matatagalan natin ang espada, ngunit tadhana'y mas malakas.

Napakakonting pagkain ang natinggal ko, naikanlong,
Ang tagal ding nabuhay tayong walang tumutulong.
Di ko sisisihin ang sinumang piliin ang pagsuko.

Siyang sa ngayo'y tatanggap ng buhay-alipin,
Dadanas ng mga araw tulad ng mga gabing wala nang umaga-
Ngunit maghihinatay hanggang umaraw-hindi ako tumututol.

At kayong iba pa, na nahihiya sa maamong pagtalima,
Halikayong lahat, mga hindi masunurin;
Malalalim na'ng gabi, maulap, makulog, bumabagyo.

Ang ating kalaba'y magiging lubhang kampante sa kanlungan;
Tatahakin naman nati'y mga espasyo sa kadiliman tungo sa kahuyan,
Dedepensahan ng gabi ang ating buong-suway na balikwas.

Karamihan sa mundong ito'y pag-aaari ng mga lahing Slav;
Mahahanap natin ang landas sa bawat relasyon sa dugo
Malayang nilalagay ang tiwala sa pananalig at katarungan.

Ngunit kung itadhana ng mga diyos ang ating pagkalupig,
Hindi tayo mangangamba sa mahabang gabing kawalan ng buhay
Kaysa mabuhay sa ilalim ng araw sa pagkaalipin!

Hindi siya iiwan ng sinuman sa sandaling ito ng pagsubok,
Bawa't isa'y nakahawak sa espada, patiba ng pangako;
Walang sinumang magkakanulo para sa kaligtasan.

Ngunit nang mabuksan nang maluwag ang mga tarangkahan.
Nagsimula'ng kakila-kilabot na labanan, di mabilang na pagpatay.
Pangkat nila'y sinalakay ni Valjhun at ng kanyang puwersa.

Pagkat siya naman, hinihinuha ang kanilang pag-idlip,
Malapusang umakyat sa pakay ng mga pader.
At sa gayo'y gulantangin sila't lamangan sa dami.

For KEAC Training Use Only

Bangis ay pinawalan ng nakapundong bagyo,
Tanod ay nagpasaklolo sa gitna ng labanan;
Di-mabilang na buhay ang nabuwis sa paghahamok.

At wari'y ragasa ng malakas na buhos-ulan, bumulwak
Pababang lumagunlong sa gilid ng bundok tulad ng kulog.
Nilamon ang lahat habang ito'y dumadaluhong.

At hindi saglit ma'y huhupa, nilulunod ang lahat sa ilalim
Ng mga alon, maliban sa ilang malalaking hadlang-
Gayon nga si Valjhun, nilansag ang mga kawal na pagano.

Habang may isa pang humihinga'y walang tigil sa pagdurog,
Hanggang sa huli bawa't isa sa kanila'y nililigalig;
Sa kanila, pananalig nila ang kataas-taasang turo.

Nang umaga'y naarawan ang mga bangkay na di nalilibing
Nakatihaya sa pinaglabanan, nakabunton
Tulad ng tungkos na sariwa, pinagtabi-tabing trigo.

Sa mga bangkay, nabilang ay kalahating Kristiyano
Ang iba pa'y naaagnas nang katawan ng mga pagano.
Ngunit sa paghahanap na ito'y nagulumihanan si Valjhun
Dahil siya'ng nagpapasan ng sala sa lahat ng gayong pagpatay.

For PEAC Training Use Only

## GAWAIN 4: PAGHAHAWAN NG BALAKID *(Talasalitaan)*

Manaliksik sa kasingkahulugan ng mga salitang nakasulat. Ihanap ito ng kasingkahulugan at gamitin sa makabuluhang pangungusap.

| Salita | Kahulugan | Halimbawang Pangungusap |
|---|---|---|
| Nalupig | | |
| Moog | | |
| Mapanglaw | | |
| Natinggal | | |
| Balikwas | | |
| Pagkalupig | | |
| Magkanulo | | |
| Ragasa | | |
| Dumadaluhong | | |
| Nalansag | | |
| Kaalyado | | |

## GAWAIN 5: CLOSE READING

Isalaysay mo ang detalye o pangyayaring naganap sa bawat saknong ng tula/epiko. Ang gawaing ito ay naglalayong maunawaan ang daloy ng mga mahahalagang pangyayari.

Halimbawa:

Si Valjhun, ang anak ni Kajtimar, ay nagpalaganap

Ng pananampalatayang Kristiyano sa mahaba't madugong pakikidigma;

Sina Avreli at Droh, sa kanya'y hindi na lumaban.

→

Isang makapangyarihang nilalang si Valjhun na mula sa angkan ni Kajtimar. Siya ang nagpalaganap ng Kristiyanismo at tinalo niya ang sinumang mga pagano na gusting lumaban sa kanya tulad ng kanyang mga kapatid na sina Avreli at Droh

PEAC Training Use Only

Gawin ang mga sumusunod na saknong.

| | |
|---|---|
| Nangabigo sa kanilang buhay at ibang suliranin,<br>At ang mga lambak ng Carniola, ng Carantania<br>Tiyak na puno ng mga lawa ng dugong kahila-hilakbot. | |
| Wala pang matapang na pinunong may hukbong pumapantay,<br>Nangalupig silang lahat, gumuguho sa pamamaalam,<br>Liban kay Crtomir na may pangkat pang nagbabagong-lakas | |
| Ang bunso'y nagtatanggol ng matandang paniniwala<br>Ng pananampalataya ng kanyang mga ninuno sa iba, mga bathala't espiritu<br>Sa kabila ng mga ulap ang mataas nilang hurisdiksiyon | |
| Ang ibayong laking kalaba'y may isang obsesyon,<br>Makubkob sila, ang kuta'y napapaligiran na,<br>Nahahadlangan ang pagpasok ng kanilang mga kaalyado | |
| Sa anim na buwan ang daigdig na may dugo'y nasalanta,<br>Mula sa kasamaang patayan ng magkakapatid na Slovene;<br>Kahindik-hindik na sangkatauhan, at kay panglaw-panglaw | |

Hindi na maikukubli ni Crtomir ang kanilang kagipitan;
Sa gayo'y tinipon niya't kinausap ang kanyang mga kawal.
Matatagalan natiin ang espada, ngunit tadhana'y mas malakas.

Napakakonting pagkain ang natinggal ko, naikanlong,
Ang tagal ding nabuhay tayong walang tumutulong.
Di ko sisisihin ang sinumang piliin ang pagsuko

Siyang sa ngayo'y tatanggap ng buhay-alipin,
Dadanas ng mga araw tulad ng mga gabing wala nang umaga-
Ngunit maghihinatay hanggang umaraw-hindi ako tumututol

Karamihan sa mundong ito'y pag-aaari ng mga lahing Slav;
Mahahanap natin ang landas sa bawat relasyon sa dugo
Malayang nilalagay ang tiwala sa pananalig at katarungan.

Ngunit nang mabuksan nang maluwag ang mga tarangkahan.
Nagsimula'ng kakila-kilabot na labanan, di mabilang na pagpatay.
Pangkat nila'y sinalakay ni Valjhun at ng kanyang puwersa

At wari'y ragasa ng malakas na buhos-ulan, bumulwak
Pababang lumagunlong sa gilid ng bundok tulad ng kulog.
Nilamon ang lahat habang ito'y dumadaluhong

At hindi saglit ma'y huhupa, nilulunod ang lahat sa ilalim
Ng mga alon, maliban sa ilang malalaking hadlang-
Gayon nga si Valjhun, nilansag ang mga kawal na pagano

Nang umaga'y naarawan ang mga bangkay na di nalilibing
Nakatihaya sa pinaglabanan, nakabunton
Tulad ng tungkos na sariwa, pinagtabi-tabing trigo

Sa mga bangkay, nabilang ay kalahating Kristiyano
Ang iba pa'y naaagnas nang katawan ng mga pagano.
Ngunit sa paghahanap na ito'y nagulumihanan si Valjhun
Dahil siya'ng nagpapasan ng sala sa lahat ng gayong pagpatay

**GAWAIN 6: CHARACTER ANALYSIS**

Susuriin mo ang mga tauhan batay sa kilos, damdamin at pananalita. Aalamin mo kung ang tauhan ay may/walang asal, kagitingan at kabayanihang ginawa ng tauhan. Pumili ng isang mahalagang tauhan sa epikong binasa.

Tauhan

| Kilos | Pananalita | Damdamin |
|---|---|---|
| *Maglahad kung paano kumilos ang tauhan sa akda.*<br>________________<br>________________<br>________________<br>________________ | *Maglahad ng ilang pahayag ang tauhan sa akda*<br>________________<br>________________<br>________________<br>________________ | *Isulat ang ilang damdaming namayani sa tauhan batay sa mahahlagang tagpo sa akda*<br>________________<br>________________<br>________________ |
| *Kaasalang ipinakita…* | *Kaasalang ipinakita…* | *Kaasalang ipinakita…* |

*Masasabi bang naging isang bayani ang tauhan batay sa kanyang kilos, pananalita at damdamin? Pangatwiranan ang sagot.*

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Paano ipinakita ang ugnayan ng mga tauhan sa suliraning kinaharap?
   ________________________________________
   ________________________________________
2. Masasabi bang ang teksto ay sumasalamin sa kultura ng mga taga-Slovenia?
   ________________________________________
   ________________________________________
3. Paano nakatutulong ang ganitong uri ng panitikan upang magkaroon ng pagkakaunawan ang ibang mga lahi?
   ________________________________________
   ________________________________________
4. Masasabi bang nagaganap ang mga pangyayari sa akda sa tunay na buhay?
   ________________________________________
   ________________________________________

5. Kung ikaw ba ay malalagay sa sitwasyon ng mga magkakapatid, ano ang iyong gagawin? Ipaliwanag ang sagot.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

6. Bigyang patunay na ang pamamaraan ng mga Pilipino at Slovenians ay hindi nagkakaiba.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________


7. Paano nakatutulong sa lipunan ang bisa ng mga akdang Mediterranian gaya ng iyong binasa?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

For PEAC Training Use Only

**GAWAIN 7: Tatasin Natin…**

Tutukuyin at susuriin mo ang iba't ibang isyu ng akda na nagpapakita ng kultura ng mga Slovenia. Ipaliwanag mo ang bahaging ito sa katapat na kahon. Isulat mo naman sa kahon sa ilalim kung may pagkakatulad ba ang kanilang kultura sa kultura nating mga Pilipino.



**GAWAIN 8: Ano ang panig mo? BAYANI BA?**

Patunayan na ang pangunahing mga tauhan ay bayani sa kanilang lugar na pinagmulan. Isa-isahin ang mga patunay sa pamamagitan ng mga pangyayaring inilahad sa akda.

**VALJHUN**

**BAYANI**

**Patunay:**

**HINDI BAYANI**

**Patunay:**

**CRTOMIR**

**BAYANI**

**Patunay:**

**HINDI BAYANI**

**Patunay:**

Pamprosesong Tanong:

Masasabing ang katangian ng isang bayani ay

Sa kabuuan, ang bayani ay isang

**Basahin Mo…**

**ALAMIN NATIN…**

Ang mga panandang pandiskurso ay maaaring maghudyat ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o di kaya'y maghimaton tungkol sa pagkakabuo ng diskurso? Karaniwan nang ito ay kinakatawan ng mga pang-ugnay o pangatnig.

**Halimbawa:**

- **at, saka, pati –** nagsasaad ng pagpupuno o pagdaragdag ng impormasyon
- **maliban, bukod kay, huwag lang, bukod sa** – nagsasaad ng pagbubukod o paghihiwalay
- **tuloy, bunga nito, kaya, naman –** nagsasaad ng kinalabasan o kinahinatnan
- **kapag, sakali, kung –** nagsasaad ng kondisyon o pasubali

*Modyul sa Filipino 10/DepEd*

**Gawain 9: Magsanay Tayo!**

Subukan mong isalaysay ang binasang epiko. Tiyakin ang paggamit ng mga panandang pandiskurso ng pagkakasunod-sunod. **Ibold** ang mga panandang gagamitin. Isalaysay ang akda sa loob lamang ng 5-8 pangungusap.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Gawain 10: Magsanay Tayong Muli!**

Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na panandang pandiskurso o hudyat sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa pagsasalaysay ng isang napanood na palabas.

1. magsisimula ako sa ________________________________________
2. huwag lang ________________________________________
3. bunga nito ________________________________________
4. sakali ________________________________________
5. sa ibang salita ________________________________________

For PEAC Training

**Gawain 11: ILAPAT MO…**

Magsalaysay ng isang pangyayari sa tunay na buhay na may pagkakatulad sa mga piling pangyayari sa epiko. Isaalang-alang sa pagsulat ang paggamit ng mga panandang pandiskurso na naghuhudyat ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

**Gawain 12: DUGTUNGAN AT TAPUSIN**

Buuin mo ang pahayag upang maging buo ang diwa.

Mahalagang matutuhan ang mga panandang pandiskurso sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari dahil
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

Batay sa gawaing iyong sinagutan, ipagpatuloy natin ang pagpupuno sa *IRF: Konsepto ng Pagbabago.* Layunin nitong ilista ang mga bago at babaguhin mong mga kaalaman na natutungkol sa paghahambing at paglalarawan ng panitikan ng India at Pilipinas.

For PEAC Training Use Only

**Gawain 13:** ***IRF-Konsepto ng Pagbabago***

Dahil sa tapos mo nang sagutin ang *I ng IRF Chart*. Punan mo naman ng mga bago at bababaguhing dating kaalaman sa bahaging *R (revised)* ng tsart. Huwag mo munang sagutin ang bahaging *F (final)*.

| *Tanong:* Bakit mahalagang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa ang epiko? | |
|---|---|
| ***I*** *(Initial)* | |
| ***R****(Revised)* | |
| ***F****(Final)* | |

**Katapusan ng Paglinang:**

*Sa bahaging ito, tinalakay natin ang isang epiko mula sa Slovenia kaugnay sa paggamit ng mga panandang pandiskurso sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Ngayon na alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka ng tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi o pagtalakay.*

**PAGPAPALALIM:**

Ang iyong tunguhin sa bahaging ito ay masuri ang iba't ibang kaalaman na may kaugnayan sa paksang tinatalakay. Bilang isang kabataan, paano mo ikinararangal ang kahinaan at kalakasan mo bilang isang taong pangkaraniwan at walang taglay na kapangyarihan.

**Gawain 14: Ano ang Gagawin Mo?**

Ang pagiging isang mabuting tao ay hindi lamang makikita sa kanyang katapangan at katalinuhan kundi sa kanyang pagmamahal, pagpapakumbaba at pag-unawa sa kahinaan batay sa kanyang paligid. Mas magiging mainam din sa isang tao kung mahusay at wasto ang kanyang pakikitungo at pagbuo ng mga desisyon.

Suriin ang sumusunod na sitwasyon at sabihin kung paano ka magiging bayani.

Sitwasyon Bilang1: PAMILYA

Malaki ang inaasahan sa iyo ng iyong pamilya. Kaya bilang panganay, inuubos mo ang lahat ng iyong panahon upang maibigay ang pangangailangan ng pamilya. Sa kabila nito, hindi ka nakaririnig ng pasasalamat mula sa pamilya. Tinitingnan nila ang iyong ginagawa bilang bahagi ng iyong responsibiladad. Paano mo ito haharapin?

For PEAC Training Use

*(Paano ka magiging bayani sa iyong pamilya)*

Sitwasyon Bilang 2:  Pangangalaga sa Kalikasan

Isa sa pinakamalaking suliraning kinahaharap ng ating mundo ang pagsalba sa kalikasan. Kaya naman, nang maglunsad ang iyong paaralan ng SAGIP-KALIKASAN project ikaw ang unang lumahok. Napansin mo ang makabuluhang pagbabago sa paaralan ngunit sa tuwing ikaw ay lumalabas ng paaralan, nakikita mo ang malaking suliraning pangkalikasan. Ano ang iyong gagawin?

*(Paano ka magiging bayani sa iyong kalikasan?)*

Sitwasyon Bilang 3:  PAMBANSA/PANDAIGDIG

Maraming mga pangyayaring nagaganap sa ating politika. Mga tiwaling opisyal, mga paninira at sabwatan sa krimen. Ano ang iyong magagawa bilang isang pangkaraniwang tao sa pamahalaan?

*(Paano ka magiging bayani sa iyong pandaigdig?)*

**Gawain 15: Balikan Mo!**

Balikan at buuin mong muli ang mapa ng konsepto. Sa bahaging ito maaari mo nang punan ang bahaging *F (final)* ng tsart ng *IRF.*

| *Tanong:* Bakit mahalagang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa ang epiko? Ano ang bisa nito sa paghubog ng kaasalan at pagtugon sa kabihasnan? | |
|---|---|
| ***I*** *(Initial)* | |
| ***R****(Revised)* | |
| ***F****(Final)* | |

**Katapusan ng PAGPAPALALIM:**

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan para higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamgitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto. Sa ngayon upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa malikhaing pagtatanghal, gawin mo muna ang mga pantulong na gawaing ito.

For PEA... g Use

**PAGLILIPAT:**

Ang iyong tunguhin sa bahaging ito ay mailipat ang iyong mga natutunan sa mga totoong sitwasyon. Bibigyan ka ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maipakita mo ang iyong malalim na pang-unawa.

**GAWAIN 16: ISALAYSAY MO! (Comic Strip)**

Ang National Library ay naglunsad ng isang timpalak sa masining na pagkukuwento tungkol sa kabayanihan ng isang Pilipino. Ikaw ay mananaliksik ng isang Pilipino na nagpakita ng isang kabayanihan. Siguraduhin ang mga detalyeng makakalap ay makatutulong sa pagsasalaysay ng kanyang kabayanihan. Isasalaysay ang kabayanihan sa pamamagitan ng isang *comic strip*. Gamitin ang aplikasyong Toondoo. Gumawa ng sariling account upang makabuo ng comic strip. Isumite ang pananaliksik at comic strip sa dash board ng guro.

Holistikong Rubrik sa Comic Strip

| | Naipakita | Hindi Naipakita |
|---|---|---|
| Ang nilalaman ng comic strip ay kumpleto batay sa element ng pagsasalaysay. | | |
| Wastong gramitika at gamit ng panandang pandiskurso sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. | | |
| Nauugnay sa paksa at tema ng aralin: Kabayanihan. | | |
| Malikhain at naging kawiliwili ang pagkakabuo | | |

**Pagtatapos ng PAGLILIPAT:**

Sa bahaging ito, ang inyong ginawa ay paglalahad kung paano maging bayani ang isang tao sa kaniyang pamilya, paligid at kalikasan. Ano ang iyong masasabi sa nasabing gawain? Paano nakatulong ang gawain sa paglilipat upang makita mo ang katotohanan sa ating kapaligiran ngayon?

For PEAC Training Only

**Aralin Bilang 4: SANAYSAY**

**Panitikan :** Usok at Salamin: Ang Tagapaglingkod at ang Pinaglilingkuran (Sanaysay - Israel)
*Isinulat ni Gordon Fillman at Isinalin ni Pat V. Villafuerte*

**Wika:** Pamaksa at Pantulong na Pangungusap


**PAGTUKLAS:**

Kinikilala bilang *Lupang Pangako* ang bansang Israel. Sa ating bansa, ang Israel ay kilala bilang bansa kung saan ipinanganak ang ating Panginoong Hesukristo at ang lupang pinag-ugatan ng ating pananampalataya. Bagama't ang bansang Israel ay kapitbahay lamang natin dito sa Asya at may malaki tayong ugnayan dahil sa relihiyon ay may malaki pa ring pagkakaiba ang bansa natin sa kanila. Halina't kilalanin natin nang bahagya ang kultura, tradisyon at paniniwala ng bansang Israel. Paano nagkakatulad at nagkakaiba ang ating mga bansa? Paano ipinakita ang kultura ng isang bansa sa pamamagitan ng isang akdang pampanitikan?

Sa araling ito tatalakayin natin ang isang sanaysay na nagmula sa bansang Israel. Inilahad sa sanaysay na ito ang ilang paniniwala, tradisyon at kultura ng kanilang bansa. Tatalakayin din sa araling ito ang pag-unawa at pagpapahalaga sa sanaysay sa pamamagitan ng mabisang pagtukoy sa pamaksa at pantulong na pangungusap.

**Gawain 1: Video Analysis**

Panoorin mo ang dokumentrayong ito at sagutan ang graphic organizer at mga tanong. Isulat mo sa kahon ang iyong mga sagot.



**Sagutin ang mga prosesong tanong:**

1. Tungkol saan ang iyong pinanood na dokumentaryo?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Anong mga bahagi ang iyong hindi sinasang-ayunan?  Pangatwiranan.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Anong mga bahagi ang lubos mong sinasang-ayunan?  Pangatwiranan.
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

4. Makatutulong ba ang napanood na dokumentaryo upang makapaghatid ng pagbabago sa lipunan?
   ____________________________________________________________
   _____________________________________________

**Gawain 2:** ***Anticipation Reaction Guide***

*Basahin ang mga pangungusap sa gitnang bahagi ng kolum sa ibaba.  Lagyan ng markang tsek (√) ang kaliwang kolum kung ikaw ay sumasang-ayon.  Huwag mo nang sagutan ang ikatlong kolum.*

***ANTICIPATION-REACTION GUIDE***

| BAGO ANG TALAKAYAN | PAHAYAG | PAGKATAPOS NG TALAKAYAN |
|---|---|---|
| | Ang sanaysay ay isang akdang pampanitikan batay sa opinyon sa isang isyu. | |
| | Ang tema ng isang sanaysay ay nagakakaiba-iba dahil sa pinagmulang bansa nito. | |
| | Ang lahat ng talata ay may pangunahing ideya o kaisipan. | |
| | Iisa lamang ang pamaksang pangungusap sa isang sanaysay. | |

Sa puntong ito, tinuklas natin ang iyong mga dating kaalaman tungkol sa katangian ng isang sanaysay.

For PEAC Training Use Only

**KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS**

Nasubukan mo ng tukuyin paksa, tema, tono at kaisipan ng isang akda o dokumentaryong napanood. Ngayon mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi ng modyul.

*Ang matututuhan mo sa susunod na bahagi ng modyul ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng isang masining na pagtatanghal.*

**PAGLINANG**

Pauunlarin natin ang dati mong kaalaman tungkol sa sanaysay sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-aanalisa sa mga sanaysay na naisulat sa iba't ibang bansa tulad ng Israel.

Ang iyong layunin sa bahaging ito ay matutuhan at maunawaan kung paano tukuyin ang paksa o ang pangunahing kaisipan ng isang sanaysay. Ang pagsagot sa iba't ibang grapikong pantulong at mga gawain ay makatutulong sa iyo upang madaling maisagawa ang inaasahang pagganap: malikhaing pagtatanghal. Basahin at unawain ang akda. Sagutin ang mga tanong pagkatapos basahin ang sanaysay.

**<u>KAHULUGAN NG SANAYSAY</u>**

- galing sa salitang latin na <u>OXAGIUM</u> na nangangahulugang <u>PAGTITIMBANG-TIMBANG</u>

- Kathang naglalahad ng sariling pangmalas at pananaw ng sumulat hinggil sa isang paksa. Ibig sabihin, ang pananaw at kuru-kuro ng sumulat ay batay sa kanyang *KARANASAN, PAGMAMASID SA KAPALIGIRAN, DAMDAMIN at PAG-AARAL.*

For Learning Use Only

**Basahin at Unawain**

## Usok at Salamin: Ang Tagapaglingkod at ang Pinaglilingkuran

*Isinulat ni Gordon Fillman*
*Isinalin ni Pat V. Villafuerte*

Ilang taon na ang lumipas, banal na araw noon sa Herusalem, nahirapan ako sa pinakamagulo kong karanasan sa mga kasapi ng mga piling Israeli Ashkenazic (may karanasang Europeo).

Naninirahan ako noon sa isang maganda, luma at mabuhay na lugar kasama ang mga kapitbahay kong Kurdish, Persian, Iraqui, Amerikano at Ashkenazic Israeli Jews. Isang araw, isang kilala sa akademya at ang mapayapang paggalaw ang tinigilan ng kaniyang sasakyan habang ako'y pauwi sa aking bahay mula sa kabayanan at ako'y kaniyang inalok ng sakay. Habang ako'y kaniyang ipinagmamaneho sa aming magandang lansangan, inilarawan ko ang kapalaran sa pagkakaroon ng kapitbahay mula sa iba't ibang lugar.

"Ugh", bulalas niya nang kami ay dumating sa mga Persians, "Mga Persian: sila ang pinakamasama." Ang malamig kong pakli sa kanya ay "Anong kaimpyernuhan ang pinagsasabi mo?" "Ay, naku," dugtong niya, "Lahat ay nakakaalam na sila ang pinakamasama."

Hindi pa ako nakikipagbalitaan sa mga kakilalang ito ilang taon na ang nakakalipas. Inilarawan ko sa aking isipan kung gaano siya naguluhan sa kinalabasan ng botohan ng mga Israelitas. Ipinagtataka ko kung mayroon siyang palatandaan tungkol sa gawain na siya at ang kanilang mga kasamang Ashkenoisie ay may bahagi sa pagbubunyag nito.

Matapos ang botohan, isang malaking bilang ng tagapanood na Afro-Asian Jews ang masiglang sumagot kay Netanyahu. Sobrang galit ang mga nakikinig sa kaniya kasama si Perez, na si Netanyahu ay pamamahalaanan sila, upang ang kanilang kawalang-galang ay mawala.

Ang hinanakit kay Perez ay nagmungkahi ng hinanakit sa klase sapagkat sila ay inaakalang kumakatawan sa mga sekular, cosmopolitan, mapayapang mamamayan sa mundo na nangangahulugan na magtatanggol ng proseso ng kapayapaan sa Israel.

Sa mga nangunang tagapag-isip ng mga Ionist ay hindi man lang umasa na ang mga Europeong Hudyo ay magkukulang ng bilang laban sa mga Aprikano at Asyano, ni hindi sila gumawa na tila pang-unawa, na isla ay magsimulang magkulang ng bilang laban sa mga Afro-Asians, na ang edukasyon, klase at paksa tungkol sa relihiyon ay maaaring mag-udyok ng relasyong magkalaban na ang salitang maganda lamang sa pandinig at mga kamalian ay mabawasan.

Ang Ashkenazim ay napakalaki ng sinasagisag ng mga nakapag-aral na Israelitas. Mayroon… ako'y nakatitiyak, walang sadyang patakaran ng pagtatanggal, ngunit tulad ng karamihang paaralan sa Israel, ang edukasyon ay napangingibabawan ng mga matataas at panggitnang uri ng Ashkenazim. May lalabas na paboritismo sa paghahanap ng mabuting paaralan at pagtatanggap ng mga tao sa pamantasan at programang propesyonal. Ito'y hindi pagsasabi na ang tagumpay ay hindi lubos na mahalaga sa pagpapasiyang ito, ngunit sinong maayos ng mga trabaho, pook, paaralang institusyon ang nagbibigay ng pondo sa iba't ibang kahanga-hangang tagumpay? Higit sa lahat ang mga Ashkenazim.

Ang Afro-Asian (a.k.a. Sephardic, Oriental, Eastern, at Mizrachi) Jews ay sa pinakabahagi, kaakit-akit na bourgeoisie at manggagawa, uri ng tao na nagbibigay ng pangangailangan ng kanilang grupo at nagsisilbi rin upang ang buhay ay maging komportable para sa mga nakatataas at nasa gitnang klase ng mamamayan. Na may kaunti at mahalagang pagtutol, partikular na sa pagtatayo ng mga industriya, Ashkenazic ang pinaka-bourgeoisie at ang tagapaglingkod. Tulad sa lipunan, ang ikinagagalit ng mga tagapaglingkod tungo sa pinagsisilbihan ay pinapasikatan ang mga nahuhuli at sila'y nawawalan o nasisiraan ng loob. Ito'y tulad ng masasabing, kung akoy komportable, bakit ang mga taong nagsisilbi sa akin ay hindi bagay hangaan at pasalamatan? Ang pinaglilingkuran sa U.S. – Jewish at walang ibang kilos.

Sa Israel, ang pinaglilingkuran ay mahilig ding maging mataas na konsumer. Ito'y napapalagay na ang mataas na konsumer ay gulat sapagkat sila'y kadalasang nasasakop at maaaring kahit galitin, ng mga katamtaman at mababang konsumer. Bilang pagbaling ng mga Israelitas sa mga estilo ng U.S. at ang sukatan ng paggawa (ang orihinal na bilihan sa Israel, naitayo ilan taon pa lang ang nakakalipas, tila dumanas ng cell division countless time, bagay na tunay na tumatakip sa kaayusan ng Israel), ang mataas na konsumer ay ipinagmamalaki ang kanilang kayamanan sa mga katamtaman at mababang antas ng uri ng sistema na ang agwat ng mayaman at mahirap ay mabilis na gumagawa sa U.S.

Ang mga pinaglilingkuran ay mahilig ding maging sekular at magpasakit sa harap ng mga relihiyosong mga tagasubaybay. Kahit na karamihan sa mga Afro-Asian Jews ay hindi gaanong relihiyoso, ang inuuna nilang kultura ay hindi sila binibigyang konsepto, gawing mag-isa ang pagsasanay ng serkularismo. Ang Hudismo ay hindi relihiyon sa kanila, ni ngayon, bagkus, ito'y bahagi ng kanilang buong buhay.

Noong si Paula Ben-Gurion, asawa ng Unang Kataas-taasang Ministro ng Israel – silang kapwa mabagsik na sekular – ay tinanong kung ano ang pakiramdam ng bumili ng kosher meat, ito'y hindi nakagugulo sa kaniya. Simple niyang gawin sa sandaling umuwi siya. Sa magandang sagot, ngunit nakagugulo sa mga Jews mula Aprika at Asya na iniisip lamang ito bilang kalapastanganan. Alinsunod sa pagsusuot ng yarmulke sa Wailing Wall, si Netanyahu tulad ni Begin, bago siya nagawa niyang magdala ng pagkakaiisa kasama ng mga may pagkarelihiyosong mga tagapaglingkod.

Posibleng ang malaking pakinabang ng mga botanteng Jews ay nakapagbigay kay Netanyahu (55% ng botanteng Israeli Jews-ed.) ay hindi malaking pagtanggi sa proseso ng kapayapaan o pababain ito. Sa halip ang may kalakihang seksyon ng populasyon ng mga Israeli Jewish ay pinapantayan ang mga tumatangkilik sa kanila, ini-isteryotap sila at umaasa sa kanila upang matanggap ang kanilang gagampanan bilang tagapaglingkod sa mga may tanging karapatan.

Ang galit sa uri ay madalas na nagpapagalaw sa politika sa mga bansang "class ridden". Ang pagsubok sa mga tao na naghahangad na makita ang kalayaan at ang tunay na demokrasya sa Israel, sa U.S., Russia at saan man ay ang kung paano dalhin ang mapayapang mga uri para intindihin ang mga galit sa kanila at ang kanilang aktibong bahagi sa paninindigan nito. At saka, ang pinakamalaking pagsubok sa lahat, ay kung kondesasyon, at dominasyon sa sosyal na pagbubuo mula ng pangalan at interes ng bawat isa. Inaasam ko ang mga araw ng mga guro/aktibista ay magsasabing. "Mataas at katamtamang uri ng tao, maipagmataas at mapag-uri, iyan ang pinakamasama".

**Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan**

Hanapin mo ang kahulugan ng mga salita sa akdang binasa. Isulat mo sa kahon ang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Israeli Ashkenazic | |
| 2. | Sekular | |
| 3. | Bourgeoisie | |
| 4. | Konsumer | |
| 5. | Isteryotayp | |

For PEAC Training

**Gawain 4: Opinyon o Katotohanan**

Sa binasa mong akda, mainam kung matukoy natin kung ano ang mga pahayag na batay lamang sa opinyon at mga pahayag na nagtataglay ng katotohanan. Isulat sa kahon ang mga pahayag na inaakala mong makatotohanan o isang opinyon lamang.

| KATOTOHANAN | OPINYON |
| --- | --- |
| | |

Sagutin ang mga pamprosesong tanong:

1. Paano mo natukoy na ang isang pahayag ay makatotohanan?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Ano-ano ang iyong palatandaan na ang isang pahayag ay batay sa opinyon lamang?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Anong kaisipan ang nabuo sa iyo nang malaman mo na ang isang sanaysay ay nagtataglay ng mga makatotohanan pahayag at mga pahayag na batay sa opinyon lamang?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. **Paano naging mabisa ang paglalahad ng katotohanan at opinyon sa binasang akda sa iyo bilang mambabasa?**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Gawain 5: Mapa ng Konsepto**

Tukuyin mo ang iba't ibang isyung ipinakita sa nabasang sanaysay. Ilahad mo ang iyong damdamin tungkol sa isyung ito. Paano mo ito iuugnay sa kasalukuyang panahon.

**Isyu:**

**Ang aking damdamin sa isyung ito ay...**

**Maiuugnay ko ang isyung ito sa...**

**Isyu:**

**Ang aking damdamin sa isyung ito ay...**

**Maiuugnay ko ang isyung ito sa...**

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Masasabi mo bang magkatulad ang ipinahayag na isyu sa Israel sa mga isyu natin sa bansa?

   ___

2. **Naging mabisa ba ang sanaysay sa paglalahad ng mga isyung panlipunan sa bansang Israel?**

   ___

3. **Masasabi mo bang may malaking gampanin ang mga akdang pampanitikan sa pagtalakay ng mga isyung panlipunan? Pangatwiranan.**

   ___

4. **Kung ikaw ang tatanungin, makatutulong ba ang panitikan upang maipahatid ang kultura, tradisyon at paniniwala ng mga tao sa isang bansa? Patunayan.**

   ___

Ngayong naisagawa mo na ang mga gawain na nagpapakita ng kahalagahan ng panitikan sa paglalarawan ng isang kultura at ang pagpapahalaga nito sa iba't ibang isyung panlipunan, alamin naman natin ang mga kaalamang nais ipahiwatig ng pag-aaral na natutungkol sa sanaysay at ang pagtukoy sa mga pangunahin at pantulong na kaisipan sa isang talata.

**Gawain 6: Buuin Mo…**
Buuin mo ang pahayag upang mabuo ang kaisipang iyong natutunan sa pagtalakay sa akdang nabasa.

| |
|---|
| Bagama't magkaiba ang kultura, tradisyon at paniniwala ng isang bansa sa atin ay |

For PEAC Training Use Only

**TANDAAN MO!**

ELEMENTO NG SANAYSAY

1. Makabuluhang Paksa – ito ang pinakasentro ng pinag-uusapan sa isang sanaysay. Ang paksa ang nagbibigay linaw, direksyon at limitasyon sa pinag-uusapan. Kinukulong nito at sinasaklawan ang sakop na maaaring pag-usapan sa isang sanaysay. **Maaaring ang paksa ay panrelihiyon, pangkaugalian, pangkabuhayan, pang-edukasyon at iba pa**

2. Himig o Tono – ito ang paraan ng pananalitang ginamit ng may-akda upang kausapin ang kanyang mga mambabasa. Sa pamamagitan nito madaling natutukoy kung sino ang target ng sanaysay. Ang tono ay nagpapakita ng iba't ibang damdamin tulad ng pagkabigo, pagiging masaya, sarkastiko at iba pa. Ito rin ay maaaring magpahiwatig ng estado o antas ng pamumuhay sa lipunan, gampanin o propesyon at iba pa. **Ito ay ang paggamit ng mga angkop at piling-piling mga salita batay sa paksa at layunin ng manunulat**

3. Kaisipan – ito ay ipinahahayag sa pamamagitan ng pahiwatig at hindi tuwiran. **Ito ay mula sa hinimay-himay na punto o argumento ng isang sanaysay na batay sa iisang paksa.**

Ang isang sanaysay ay binubuo ng mga talata. Ang bawat talata ay nagtatagay ng kaisipang nais ipabatid ng may-akda upang mapagtibay ang isang paksa. Marapat lamang na talakayin natin ang pamaksa at pantulong na pangungusap upang matukoy natin ang pangkalahatang kaisipan ng isang talata. Masisiguro din nito na hindi lumalayo ang may-akda sa paksang napili.

PAMAKSA AT PANTULONG NA PANGUNGUSAP

1. Pamaksang Pangungusap
   Lahat ng talata ay may pangunahing ideya o kaisipan. Ito ang pinakasentrong pinag-uusapan sa talata. Ito ay inilalahad ng tuwiran at nagbibigay linaw kung saan natutungkol ang akda/talata.

Halimbawa:
*Isang mabigat na isyu <u>ang pang-aabuso sa mga bata at kabataan</u>. Maaaring ang pang-aabuso ay pisikal o emosyunal. Kabilang sa pang-aabuso ang sapilitang pagtatrabaho, pornografi at pagsasamantalang sekswal. Iniulat sa The Council of Elders for Protection of Children na ang prostitusyon, pagiging delingkwente, pagtatangkang magpakamatay, depresyon, mababang pagtingin sa sarili at pagkatakot sa isyung may kaugnayan sa sex ay mga indikasyon at epekto ng pang-aabuso sa mga kabataan.*

Ang pangungusap na may salungguhit ay angpamaksang pangungusap. Ang sumunod na mga pangungusap ay maga pantulong na pangungusap na nagbibigay tulong o suporta sa pamaksang pangungusap upang mas maging malinaw ang tinatalakay na paksa.

2. Pantulong na Pangungusap
   Ito ang mga pangungusap na nagbibigay paliwanag o detalye sa pamaksang pangungusap. Sinusuportahan nito ang pamaksang pangungusap sa pamamagitan ng mga detalyeng kaugnay nito.

Halimbawa:

PAGKASIRA NG ATING KAGUBATAN, SINO ANG MAYSALA?

Ang mga kagubatan ay may mahalagang papel na ginagampanan sa ekonomiya at ekolohiya ng Pilipinas.

*Ito ang pinagkukunan ng kahoy – mga produktong may gamit na pandomestiko at pangkalakalan, at maging kahoy na panggatong sa tahanang Pilipino. Matatagpuan sa kagubatan ang masasaganang halamanan at malulusog na mga hayop. Nagbibigay ito ng masustansyang pagkain, medisina at kagamitang pang-industriyal at pang-agham. Nakatutulong ito sa pagpapataba ng lupa. Gumaganap ito bilang buffer zone sa klima. Nagbibigay ito ng init at lamig.*

*Sa kabilang dako, kung patuloy ang pagkasira ng kagubatan at hindi pagbabalanse ng ekolohiya, nagkakaroon ng flash floods, pagguho ng lupa at malawak na pagkasira ng mga pananim. Ito ay magiging hadlang din sa mga patubig kung kaya't mas tumatagal ang tag-init. Ang mas nakatatakot na tagtuyot ang nagiging kapalit.*

Sa nararanasan nating krisis sa bansa sa kasalukuyan, ganito pa nga ba ang dapat na nangyayari? Ano ang maaari nating gawin upang makatulong sa pamahalaan upang matigil ang ganitong suliranin? Hindi ba't higit na madaling malutas ang suliranin kung sama-sama tayong kikilos. Isang malaking hamon sa mga kabataang Pilipino ang isyung ito.

*Sanggunian: Cion, Ligaya. Dagitab I, JMC Press, Inc.*

Ang mga pantulong na pangungusap ay maaaring mailahad sa pamamagitan ng paglalahad ng istadistika a makatotohanang impormasyon.

For PEAC Training Use Only

**Gawain 7: Magsanay Tayo!**

Tukuyin ang paksa ng bawat talata sa pamamagitan ng mga pantulong pangungusap. Piliin sa kahon ang inyong tamang sagot. Pangatwiranan mo ang sagot.

Palala nang palala ang suliranin tungkol sa karahasan sa mga kabataan. Nararapat lamang na tayo ay makisangkot sa isyung ito. Makatutulong ang inyong suporta sa pagpapadala naming sa mga paaralan ng mga materyales nang libre. Mabubuksan ang isipan ng mga kabataan sa kanilang karapatan. Gayundin, matutukoy nila ang kanilang papel bilang kabataan sa lipunan. Malayo ang mararating ng inyong donasyon sa aming institusyon. Nagpapasalamat an gaming organisasyon sa patuloy ninyong pagsuporta.

Pagtulong sa Kabataan | Pagtulong sa Biktima ng Karahasan
Pagkamulat ng Isipan | Kabataan ng Bayan

*Isulat ang iyong kasagutan sa kahong ito.*

Mahalagang paunlarin ang iyong sarili. Luma na ang kaisipang kung hindi ka matalino sa lInggwistika, matematika o sa agham ay bobo ka! Lumang kapaniwalaan. Maraming uri ng katalinuhan bukod sa nabanggit na. Mayroong matatalino sa musika, sayaw, pag-arte, pagguhit, pakikinig, pagsulat, pagsasalita at maging sa larangan ng isports. Sino nga ba ang walang ganitong kakayahan? Maaaring dalawa o higit pa ang mayroon ka! Ang gagawin mo lang ay tuklasin at linangin ang mga ito.

Iba't ibang Uri ng Katalinuhan | Tuklasin ang Iyong Katalinuhan
Kahalagahan ng Katalinuhan | Katalinuhang Taglay

*Isulat ang iyong kasagutan sa kahong ito.*

Pinaniniwalaan ng isang bishop noong 1870 na wala nang maaari pang maimbento ang tao. Sinabi niya ito sa isang president ng isang maliit na kolehiyo. Hindi sumang-ayon sa kanya ang president at sinabing marami pang dapat tuklasin ang tao. Wika niya, darating ang panahong ang tao ay makalilipad tulad ng ibon. Hindi naniwala ang bishop at sinabing iyon ay paglapastangan sa Diyos. Ayon sa kanya, ang paglipad ay para lamang sa mga anghel! Pagkaraan ng 33 taon, pinalipad ng magkapatid na Orville at Wilbur ang kauna-unahang sasakyang higit na mabigat kaysa hangin. Ito ang pinagmulan ng eroplano. Sino ang bishop? Si Milton Wright, ang ama ng magkapatid na umimbento ng eroplano.

*Isulat ang iyong kasagutan sa kahong ito.*

| | |
|---|---|
| Magkaibang Kaisipan | Hindi Imposible |
| Pag-unald: Bagong Imbensyon | Patuloy na Pagtuklas: Talino ng Bawat Tao |

For PEAC Training

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Naging madali ba sa iyo na tukuyin ang paksa ng mga talata? Ipaliwanag mo nga.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Ano ang mga isinaalang-alang mo upang madaling matukoy ang paksa?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Masasabi mo bang may malaki ang nagagawa ng pagtukoy sa pamaksang pangungusap at pantulong na pangungusap upang maging malinaw ang sanaysay na tinatalakay? Pangatwiranan mo nga ang iyong sagot.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

**Gawain 8: Dugtungan Mo!**

Lagyan ng mga pantulong na detalye ang bawat pangungusap. Gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa paglalahad ng mga pantulong na pangungusap.

1. Ang korapsyon ang nagpapahirap sa isang bansa.
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

2. Pananampalataya sa Diyos ang makapagliligtas sa tao.
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

3. Isa sa nagpapalala ng sitwasyon sa kalagayan ng mga kabataan sa kasalukuyan ay ang kanilang paghahanap ng tunay nilang identidad.
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

4. Ang pamilya pa rin ang pangunahing sandigan ng pamayanan.
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________
   __________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang:**

Ngayong natukoy mo na ang kahalagahan ng element ng isang sanaysay gayundin ang pagtukoy sa mga pamaksang pangungusap at pantulong na pangungusap, masasabing ikaw ay may malalim ng pang-unawa sa araling tinatalakay. Mas lalo nating pagyamanin ang iyong kaalaman sa bahaging ito ng aralin sa pamamagitan ng mga sumusunod na aralin. Sa bahaging ito matutukoy at maipaliliwanag mo ang mga mahahalagang konsepto ng isang sanaysay.

Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi ng modyul.

**PAGPAPALALIM**

Bilang pagpapatuloy sa araling ito, nakabubuti munang balikan mo ang *Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa ilalim ng **PAGTUKLAS**. Alin sa mga naging sagot

For PEAC Training Use Only

mo ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot. Sagutin mo ang kolum **pagkatapos ng talakayan**.

*Basahin ang mga pangungusap sa gitnang bahagi ng kolum sa ibaba. Lagyan ng markang tsek (√) ang kaliwang kolum kung ikaw ay sumasang-ayon. Huwag mo nang sagutan ang ikatlong kolum.*

***ANTICIPATION-REACTION GUIDE***

| BAGO ANG TALAKAYAN | PAHAYAG | PAGKATAPOS NG TALAKAYAN |
|---|---|---|
| | Ang sanaysay ay isang akdang pampanitikan batay sa opinyon sa isang isyu. | |
| | Ang tema ng isang sanaysay ay nagakakaiba-iba dahil sa pinagmulang bansa nito. | |
| | Ang lahat ng talata ay may pangunahing ideya o kaisipan. | |
| | Iisa lamang ang pamaksang pangungusap sa isang sanaysay. | |

**GAWAIN 9: SONA ng Pangulo, Balangkasin Mo!**

Panoorin mo ang kahuli-hulihang SONA *(State of the Nation Address)* ng pangulo. Tukuyin mo ang mga pamaksang kaisipan at ang mga pantulong na detalye. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| **Larawan ni PNoy** | *Ang SONA ng pangulo ay ang kanyang taunang pag-uulat ng kanyang mga nagawa bilang pinakamataas na pinuno ng bansa sa loob ng isang taon niyang panunungkulan. Sa kanyang talumpati ay masasaksihan ng buong bansa kung may pag-unlad bas a ilalim ng kanyang termino.* *Link ng SONA ng Pangulo: www.youtube/SonaniPNoy2014.com* |

PEAC Training Use Only

**SONA ng Pangulo**

Paksa:

Pantulong na Detalye:

Paksa:

Pantulong na Detalye:

Paksa:

Pantulong na Detalye:

**GAWAIN 10: Isulat Mo!**
Buuin ang pahayag upang magkaroon ng isang buong konsepto.

Mahalagang matukoy ang mga pamaksa at pantulong na pangungusap dahil
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim:**

Sa bahaging ito naiugnay natin an gating natalakay na aralin sa mga kaganapang pangkasalukuyan. Ngayon, masasagot mo na ba ang katanungan tungkol sa kung gaano kahalaga ang ating mga natalakay na aralin sa pang-araw-araw nating pamumuhay?

Ngayon at may malalim ka ng pag-unawa sa paksa, handa ka nang gawin ang isang proyektong may kinalaman sa pagalalahad ng impormasyon gamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng damdamin bilang paghahanda sa isang masining na pagtatanghal.

**PAGLILIPAT**

Lubhang napakahusay mo sapagkat napagtagumpayan mo ang lahat ng mga gawain may kaugnayan sa ating aralin.

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin ng modyul na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal

For PEAC Training Use

Bilang pangwakas na gawain, isasakatuparan mo ang inaasahang pagganap na susukat sa iyong kasanayan na natutunan sa kwarter na ito. Bubuo kayo ng **Komprehensibong Sanaysay at Kritikal na Pagsusuri**

## Komprehensibong Sanaysay at Kritikal na Pagsusuri

Sa kabila ng maraming kinakaharap na suliranin ng bansa at hindi kaaya-ayang imaheng ipinapakita ng ilang mamamayang Pilipino ay marami din namang mga Pilipinong indibidwal at mga samahang patuloy na kumikilos upang makatulong sa paggawa ng kabutihan sa kanilang lipunang ginagalawan. Kaugnay nito, naatasan kayo ng Sangguniang Bayan upang pamunuan ang pagpili ng mga indibidwal at mga samahang pararangalan sa darating na pagdiriwang ng Araw ng inyong Bayan na lalahukan ng mga Liga ng mga Barangay. Nilalayon nitong makapagbigay-inspirasyon sa inyong mga kababayang isulong ang paggawa ng kabutihan. Bawat isa ay kailangan bumuo ng komprehensibong sanaysay bilang pagkilala sa malaking ambag ng mga indibidwal o ng mga samahang inyong mapipiling pararangalan na tumutugon sa mabubuting katangiang panlipunang masasalamin sa mga akdang pampanitikang Mediterannian. Matapos ang nabuong sanaysay ay ihaharap ninyo ito sa lahat ng mga kritiko at inyong pagbobotohan ang pipiliing indibidwal at samahang bibigyan ng parangal sa darating na Araw ng Inyong Bayan. Huhusgahan ang produkto at pagganap alinsunod sa mga pamantayang ito: masaklaw na nilalaman ng sanaysay, kritikal na paraan ng pagsusuri, bisa ng pahayag/wika, at organisasyon.

### PERFORMANCE TASK RUBRIC

| **CRITERIA** | **Kapugay-pugay** 4 | **Mahusay** 3 | **Umuunlad** 2 | **Nagsisimula** 1 | RATING |
|---|---|---|---|---|---|
| Masaklaw na nilalaman | Komprehensibo, napapanahon at makabuluhan ang mga inilahad na impormasyon patungkol sa indibidwal o samahang lubos na tumutugon sa mga katangiang panlipunang sinasalamin ng panitikang Mediterannian | Sapat ang sakop na mga impormasyong patungkol sa indibidwal o samahang lubos na tumutugon sa mga katangiang panlipunang sinasalamin ng panitikang Mediterannian | Limitado ang mga impormasyong patungkol sa indibidwal o samahang lubos na tumutugon sa mga katangiang panlipunang sinasalamin ng panitikang Mediterannian | Kulang ang mga impormasyong patungkol sa indibidwal o samahang lubos na tumutugon sa mga katangiang panlipunang sinasalamin ng panitikang Mediterannian | |
| Kritikal na pagsusuri | Masistema, mapanuri at lohikal na naisagawa ang pagpili ng indibidwal o | Maayos at malinaw na naisagawa ang pagpili ng indibidwal o samahan batay | May ilang bahaging hindi naisagawa sa pagsusuri ng tamang indibidwal o samahang dapat mabigyan ng | Hindi naging maayos at malinaw ang naisagawang pagsusuri sa pagpili ng | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | samahan batay sa nabuong sanaysay | sa nabuong sanaysay | parangal | indibidwal o samahang dapat mabigyan ng parangal | |
| Kapaki-pakinabang na agenda | Makabuluhan at praktikal para sa lahat ang mga inimumungkahing idealismo sapagkat pangmatagalan ito sa kamalayan ng madla. | Praktikal para sa Mindanao ang inilahad na agendang panturismo sa itinatampok na rehiyon | May iilan sa mga inilahad na agendang panturismo para sa itinatampok na rehiyon ang mahirap na isakatuparan. | May mga agendang inilahad ngunit hindi praktikal at hindi rin makatuturan ang mga inimumungkahing kaisipan ng mga ito kaugnay ng programang panturismo ng rehiyong itinatampok. | |
| Bisa ng pahayag/ wika | Natatangi ang paraan ng pagpapahayag sa teksto dahil litaw na litaw ang kaisipang ipinababatid at gumamit pa ng iba't ibang estilo sa pagpapahayag at mahusay na natupad sa mga alituntuning panggramatika. | Malinaw ang ginawang paglalahad at paglalarawan sa iba't ibang impormasyon kaugnay ng itinatampok. May kaisahan ang daloy ng mga pahayag sa kabuuan ng teksto at natugunan ang mga alituntuning panggramatika. . | Mauunawaan ang mga kaisipang ipinababatid sa teksto ngunit kakikitaan ng kakulangan sa kaisahan at pagkakaugnay-ugnay ng mga pangungusap at talataan sa isa't isa. May ilang mga kamalian sa gramatika. | Nakapaglahad ng mga kaisipan subalit may kalabuan sa paraan ng pagpapahayag dahil may mga inihayag na walang kaugnayan sa tema. Maraming kamalian sa gramatika. | |
| Organisasyon | Natatangi, kawili-wili at kaabang-abang ang daloy ng paglalahad at ng proseso ng pagsusuri. | Malinaw ang pagkakasunod-sunod ng daloy ng paglalahad at ng proseso ng pagsusuri. | May ilang bahaging hindi naging malinaw sa paglalahad ng mga impormasyon at mga suportang detalye. | Hindi naging malinaw ang daloy ng paglalahad ng mga impormasyon at mga suportang detalye. | |

**POST-ASSESSMENT:**

Halina't alamin natin ang iyong mga natutuhang kaalaman at kasanayan mula sa mga natalakay na aralin sa modyul na ito. Iklik lamang ang letra ng inaakala mong tamang sagot. Sagutan ang lahat ng aytem. Pagkatapos kumuha ng pagsusulit, makikita mo ang iyong iskor. Alalahanin ang mga aytem na nagkamali ka at tuklasin ang tamang sagot habang pinag-aaralan ang modyul na ito.

1. Ito ay mga kuwentong tungkol sa mga diyos at diyosa.
   - A. epiko
   - B. mitolohiya
   - C. kuwentong-Bayan
   - D. alamat

2. Maliban sa katangiang nabanggit sa bilang 1, alin sa mga sumusunod ang hindi natatanging katangian ng mitolohiya?
   - E. Kumakatawan sa marubdob na pangarap at takot ng mga sinaunang tao
   - F. Naglalahad sa misteryo ng pagkakalikha ng mundo
   - G. Dumadakila sa kabayanihan ng tauhang nakipagsapalaran sa digma
   - H. Kumikilala sa daigdig ng langit at ilalim ng lupa

3. Tulang pasalaysay na nagsasaad ng kabayanihan ng pangunahing tauhan na nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao na kadalasan ay buhat sa lipi ng mga diyos o diyosa.
   - A. tula
   - B. elehiya
   - C. maikling Kuwento
   - D. epikoy

4. Elemento ito ng epikong nagbibigay-diin sa panahon, kalagayan at kultura.
   - C. banghay
   - D. tagpuan
   - C. estilo
   - D. diyalogo

5. Anong bansa sa Meditteranian na bahagi ng Europian Union dahil sa kanilang komersyo, nakilala sa kanilang sinaunang kaugalian, tradisyon at kultura at panitikang panrelihiyon?
   - C. Amerika
   - D. Indonesia
   - C. Italya
   - D. Britanya

6. Naihanda ang mga batang lalaki na maging matapang na kabalyero.
   - C. estranghero
   - D. mambabatas
   - C. politiko
   - D. mandirigma

7. Naging masama si Marquez sa pakikitungo niya sa babaing pulubi. Anong uri ng panghalip ang ginamit sa pangungusap?
   - C. anapora
   - D. katapora
   - C. panaklaw
   - D. pamatlig

For PEAC Training Use Only

8. “Mahal na Reyna, akala ko’y nasisiyahan _______ sa pagkakabili ng ating palasyo”. Ano ang wastong panghalip sa patlang?

C. sila B. tayo C. ka d. ako

9. Alin sa mga sumusunod ang hindi katangian ng epiko?

E. Nagsisimula sa pamamagitan ng ritwal
F. Sinasalamin nito ang paniniwala at kaugalian ng isang lipunan
G. Nagpapakita ng pinagmulan at pag-unlad ng kultura ng isang lugar
H. Nagpapakilala ng daigdig ng langit at ilalim ng lupa*

10. Matapos makipaglaban sa mga hukbo ay gumuho sa pamamaalam ang maraming mandirigma. Puno ng dugong kahila-hilakbot ang naganap na pagsagupa hanggang malayang nailagay ang tiwala sa pananalig at katarungan. Sa wakas ay natupad ang inaasam na pagkakapantay-pantay.

Ang katangian ng binasang talata ay higit na tinutugunan ng anong element ng salaysay?

B. tagpuan B. tauhan C. banghay D. diyalogo

11. Naging matapang na nakipagsapalaran si Persiyus upang mailigtas lamang ang mahal sa buhay. Hindi siya pinanghinaan ng loob bagkus sinuong niya ang lahat ng panganib. Handa siyang magpakahirap at magpakasakit.

Alin sa mga sumusunod na pahayag ang pinakaangkop na panapos ng talata?

A. Kapag hindi siya sumunod sa pangako kay Athena ay hindi niya makakamit ang inaasam.
B. Saka nainip siya sa kanyang paglalakbay.
C. Kaya naman naging matagumpay siya sa kanyang mithiin.
D. Huwag lang siyang maging bato matapos makita si Medusa.

12. Puro pagkain ang nasa utak ko. Sa tuwing makakakita ng restoran ay nagnanais nang kumain kahit maaga pa lamang. Hindi pa man nakakauwi ay naiisip na ang masarap na luto ni nanay. Kahit nakikinig sa lektyur ng guro ay nag-aalburuto na ang tiyan.

Aling pangungusap ang punong kaisipan sa talata?

C. Unang pangungusap C. Ikatlong pangungusap
D. Ikalawang pangungusap D. Ikaapat na pangungusap

13. <u>Napoot</u> si Medusa kay matapos hindi paunlakan ng diyosa ang kanyang kahilingan. Ano’ng mas mataas na antas ng kahulugan ang inihahayag ng salitang may salungguhit?

A. naasar B. nainis C. nasuklam D. nagalit

For PLAC Training Use Only

14. “Kaya mo ako ayaw payagan ay sapagkat maganda ako sa iyo! Kung ako nga nama’y makikita ng mga tao ay wala nang papansin sa iyo! ang bulalas ni Medusa.

Ano’ng katangian ang pinakamalapit na inilalantad ng diyalogo?
B. mapangutya B. mapanghamon C. mapitagan D.makamundo

15. Lalong sumidhi ang pagseselos ni Athena kay Medusa. Anong uri ng pandiwa ang ginamit sa salitang may salungguhit?
A. aksiyon B. karanasan C. pangyayari D. wala sa nabanggit

16. Sa Alibughang Anak na mababasa sa Bibliya (Lukas 15:11-32) ay ipinakita ng anak ay naglalahad ng karaniwang taong makasarili at ang tanging hinangad ay pansariling kagalakan. Ano naman ang inilalarawang katangian ng ama sa alegoryang ito?
A. malalim na pag-unawa sa katotohanang walang mangyayaring maganda kung patuloy na mapoot
B. mabuting pagtanggap sa mga taong marunong humingi ng kapatawaran sa kabila ng kasalanan
C. karapat-dapat magdusa ang mga taong walang hinangad kundi ang pansariling kaligayahan
D. hindi kailanman nagtatanim ng galit ang magulang sa mga anak kahit anuman ang kanilang ginawang kasalanan

17. Ang pamahalaan ay nailuklok upang mapangalagaan ang kapakanan ng mamamayang nasasakupan. Alin sa mga sumusunod ang kahulugan ng pamahalaan batay sa estruktura nito?
A. Dapat mahalin ng pamahalaan ang mamamayang nagdurusa
B. Dapat bahala ang pamahalaan sa mamamayang nagluklok sa kanila*
C. Dapat ilaan ng pamahalaan ang kanyang panahon sa paglilingkod
D. Dapat ihalal muli ang pamahalaan matapos pagsilbihan ang mamamayan

18. Wala pang matapang na pinunong may hukbong pumapantay,
Nangalupig silang lahat, gumuguho sa pamamaalam

Ano ang ipinapahiwatig na kahulugan ng mga pandiwang ginamit sa tula bilang paglalarawan sa tauhan?
A. ang labis na pagkatalo dahil sa kahinaan
B. ang tapang at lakas na mamuno sa digmaan
C. ang kapangyarihang lupigin ang kalaban*
D. ang pag-asang mananalo sa anumang laban

For PEAC Training Use Only

19. Alin sa mga sumusunod na akda ang pinakamalapit na kaugnayan ng salawikaning, “kung ano ang itinanim, ito rin ang aanihin”?
    A. Si Persiyus, Si Atlas at si Polidiktis
    B. Ang Babaeng Pulubi ng Locarno
    C. Talinghaga Tungkol sa mga Salaping Ginto
    D. Ang Pagbibinyag sa Savica

20. Tulad sa lipunan, ang ikinagagalit ng mga tagapaglingkod tungo sa pinagsisilbihan ay pinapasikatan ang mga nahuhuli at sila’y nawawalan o nasisiraan ng loob. Ito’y tulad ng masasabing, kung akoy komportable, bakit ang mga taong nagsisilbi sa akin ay hindi bagay hangaan at pasalamatan?

    Ano’ng sakit ng lipunan ang inilalantad ng pahayag?
    A. panlalangis sa kapwa
    B. panlalamang sa kapwa
    C. pananamantala sa mahihina
    D. pagpapahirap sa pinamumunuan

**GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL NA ITO:**

| | |
|---|---|
| Aksyon | Uri ito ng pandiwang may aktor o tagaganap |
| Anapora | Panghalip na ginagamit sa hulihan bilang pananda sa pinalitang pangngalan sa unahan ng panghalip |
| Banghay | Pagkakasunod-sunod ito ng mga pangyayari sa isang salaysay. |
| Epiko | Salaysay ng pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan na nagtataglay ng lakas at hindi kapani-paniwalang kapangyarihan |
| Karanasan | Uri ng pandiwang may sitwasyong naglalarawan ng emosyon o damdamin |
| Katapora | Ito ang panghalip na ginagamit sa unahan bilang pananda sa pinalitang pangngalan sa hulihan. |
| Maikling Kuwento | Nag-iiwan ng iisang kakintalang kinapapalooban ng mga elemento ng ng tagpuan, ilang tauhan at banghay: ang simula, saglit na kasiglahan, gitna, kasukdulan, kakalasan at wakas. |
| Mitolohiya | Salaysay ito tungkol sa mga diyos at diyosa |
| Nobela | Binubuo ito ng mga kawing-kawing na mga pangyayari at nahahati sa iba’t ibang kabanata. |
| Pandiwa | Ito ay mga salitang kilos o aksyon |
| Panghalip | Panghalili ito sa pangngalan |

For PEAC Training Use Only

| | |
|---|---|
| Pangyayari | Uri ito ng pandiwang may resulta o bunga ng isang pangyayari. |
| Parabula | Salaysay ito na puno ng aral at hinahango sa Banal na Kasulatan. |
| Sanaysay | Naglalahad ito ng opinyon, ideya, at impormasyon sa isang paksa. |
| Talata | Nagtataglay ng punong kaisipan at pagdedetalye sa pangunahing kaisipan. |
| Tula | Binubuo ito ng mga taludtod , saknong , talinghaga at aliw-iw o indayog. |

**MGA SANGGUNIANG GINAMIT SA MODYUL NA ITO:**

Tiamson – Rubin, Ligaya edited by Antonio Lila F.
Sikolohiya ng Wikang Filipino
Quezon City: C & E Publishing, 2006

Ramos Teresita V.
Makabagong Balarila ng Pilipinas
Manila Rex Book Store 1971

Villafuerte Patrocinio V.
Introduksiyon sa Pagsasaling-Wika: Teorya, Maga Halimbawa at Pagsasanay
Makati City: Grandwater Publication and Research Corporation 2000

VIllafuerte Pat V.; Batnag Aurora E. edited by Santiago Alfonso O.
Linggwistika at Panitikan: Mga piling Sanaysay na Handog – Parangal kay Al Q. Perez
Manila Rex Bookstore, 1985

Lachica, Veranda S.
Komunikasyon at Linggwistika
Manila Rex Bookstore, 1994

Jocson Magdalena O.
Masining na Pagpapahayag
Manila: Grandwater, 2011

Santiago Alfonso O.
Panukalang Linggwistika sa Pilipino
Manila Rex Book Store, 1979

Infantado, Remedios V.; De Castro, Maribel; Del Rosario, Maria Celeste
Tuklas: Aklat sa Wika at Panitikan
Sampaloc Manila: Magallanes Publishing, 2006

For PEAC Training Use Only

Espino, Vivencio O.
Panitikan ng Lahi
Quezon City, PP Garcia n.d.

Pluma (2011). Ang mga elemento ng epiko

For PEAC Training Use Only